

ACADEMIC ELECTIVE



Modelong Banghay-Aralin sa Malikhaing Pagsulat

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng **Strengthened Senior High School Curriculum**. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyales ang karapatang-arang iyon.

Bumuo sa Pagsusulat ng Banghay-Aralin

Manunulat: Sigrid F. Tibordo, Niel Orven A. Talavera, Jesyl Avanceña, Mc. Gay M. Sanggayan, Mary Jean P. Paller, Ignacio L. Jubahib Jr., Lorenz C. Almendras, Alma R. Santiago, Gesselle S. Cambia, Hazel O. Malto, at Lourine E. Guinto

Tagasuri ng Nilalaman: Rodrigo B. Davide Jr., Rene Jhon C. Carumba, Julesie R. Navarro, Cheryl Anne P. Tuliao, Lendie F. Gallego, Genevieve T. Fajardo, Eamar A. Abadia, Rene B. Cordon

Konsultant: Benita Balla-Hugo

Learning Area Specialist: Jefferson V. Torres

Senior Education Program Specialist
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Resources

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa katanungan o puna, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Sagutan ang form na ito <https://bit.ly/sshsfeedbackform> kung mayroon kayong mungkahi o dagdag na tugon tungkol sa LE. Gawing malinaw, tiyak, at may karagdagang detalye upang maging gabay ng National Technical Working Group (NTWG) sa pagrerebisa at pagpapaunlad ng nasabing materyal.

Talaan ng Nilalaman

Para sa Modelong Banghay-Aralin 1.....	1
Para sa Modelong Banghay-Aralin 2.....	6
Para sa Modelong Banghay-Aralin 3.....	13
Para sa Modelong Banghay-Aralin 4.....	22
Para sa Modelong Banghay-Aralin 5.....	29
Para sa Modelong Banghay-Aralin 6.....	34
Para sa Modelong Banghay-Aralin 7.....	41
Para sa Modelong Banghay-Aralin 8.....	46
Para sa Modelong Banghay-Aralin 9.....	51
Para sa Modelong Banghay-Aralin 10.....	55
Para sa Modelong Banghay-Aralin 11.....	61
Para sa Modelong Banghay-Aralin 12.....	69
Para sa Modelong Banghay-Aralin 13.....	77

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	Petsa:	
Nilalaman:	Mga Paghahanda sa Pagsulat (Paglalarawan)		
Pangalan:		Baitang:	

- I.** Gawain Bilang 1: **Damhin at Ilarawan!**
- II.** Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang makapagpapaliwanag ng kahalagahan ng limang pandama sa masining na paglalarawan.
- III.** Kagamitang Kailangan: Mga panulat, *Learning Activity Sheet*
- IV.** Panuto: Ilarawan ang mga imaheng ipinakita. Sundan ang mga gabay na tanong tungo sa isang mabisa at masining na paglalarawan.

1. Ano ang iyong nakikita?

2. Ano ang iyong naririnig?

3. Ano ang iyong naaamoy?

4. Ano ang iyong nalalasan?

5. Ano ang iyong nararamdam?

6. Paano mo nasagot ang mga naunang katanungan kaugnay sa limang pandama?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	Petsa:	
Nilalaman:	Mga Paghahanda sa Pagsulat (Paglalarawan)		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 2: **Video Mo, Ilarawan Ko!**
- II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang mailalarawan ang mahahalagang detalyeng napagmamasdan sa paligid at nakauunawa ng halaga ng wika bilang kaluluwa ng kultura at kasaysayan.
- III. Kagamitang Kailangan: *Video* ng awiting “Masdan Mo ang Kapaligiran” ng Asin.
- IV. Panuto: Panoorin ang *video* ng isang awitin at ikompara ang mga pangyayaring naganap noon at sa kasalukuyan ayon sa kanta. Ilarawan ito gamit ang mga uri ng paglalarawan.



https://www.youtube.com/watch?v=tNfz0vSHjEU&list=RDtNfz0vSHjEU&start_radio=1

	Noon	Kasalukuyan
Karaniwan		
Masining		
Teknikal		

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	Petsa:	
Nilalaman:	Mga Paghahanda sa Pagsulat (Paglalarawan)		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 3: **Paglalarawan, Gawing Mabisa!**
- II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang makatutukoy ng mahahalagang detalyeng naobserbahan sa paligid, *makapaglalarawan* ng mahahalagang detalyeng napagmamasdan sa paligid, *makapagpapaliwanag* ng kahalagahan ng limang pandama sa masining na paglalarawan, at *makapaglalahad* ng mga halimbawa ng paglalarawan gamit ang limang pandama.
- III. Kagamitang Kailangan: *Panulat, Learning Activity Sheet*
- IV. Panuto: Magmasid sa galaw ng mga tao sa iyong komunidad. Ilarawan ang bawat detalyeng nais mong bigyan ng kahulugan at kahalagahan. Gamitin ang limang pandama gamit ang tatlong uri ng paglalarawan.

Karaniwang Paglalarawan

Paningin	Pandinig	Panlasa	Pang-amoy	Pandama

Masining na Paglalarawan

Paningin	Pandinig	Panlasa	Pang-amoy	Pandama

Teknikal na Paglalarawan

Paningin	Pandinig	Panlasa	Pang-amoy	Pandama

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	Petsa:	
Nilalaman:	Mga Paghahanda sa Pagsulat (Paglalarawan)		
Pangalan:		Baitang:	

- I.** Gawain Bilang 4: **Sarili Ko, Ilarawan Ko!**
- II.** Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang makapagpapaliwanag ng kahalagahan ng limang pandama sa masining na paglalarawan at makapaglalahad ng mga halimbawa ng paglalarawan gamit ang limang pandama.
- III.** Kagamitang Kailangan: mga panulat, *Learning Activity Sheet*
- IV.** Panuto: Gamit ang limang pandama, ilarawan ang sarili. Gawing makabuluhan ang gagawing paglalarawan.

Paningin	Pandining	Pang-amoy	Panlasa	Pandama

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	Petsa:	
Nilalaman:	Mga Paghahanda sa Pagsulat (Paglalarawan)		
Pangalan:		Baitang:	


- I.** Gawain Bilang 5: **Pagmasdang Mabuti!**
- II.** Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang makapaglalahad ng mga halimbawa ng paglalarawan gamit ang limang pandama.
- III.** Kagamitang Kailangan: mga panulat, *Learning Activity Sheet*
- IV.** Panuto: Pagmasdan ang paligid ng inyong bahay. Ilarawan ang natatanging bagay o pangyayaring higit ninyong pinahahalagahan. Gawing karaniwan o masining ang paglalarawan gamit ang limang pandama.

Karaniwan	Masining

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	Petsa:	
Nilalaman:	Paggamit ng Limang Pandama Eksperimentasyon sa Imahen / Pagbuo ng Imahen Gamit ang Pagwawangis at Pagtutulad		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 1: **Lakbay-Pandama sa Tahanan**
- II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahag makapaglalarawan ng mga karanasan gamit ang limang pandama.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat
- IV. Panuto: Masdan mong mabuti ang larawan tungkol sa kusina, bakuran, at gulayan ng isang simpleng tahanan. Gamitin mo ang iyong imahinasyon at limang pandama sa iyong pagmamasid.



Mula sa <https://gemini.google.com/app>

- 2 bagay na nakikita mo
- 2 tunog na naririnig mo
- 2 amoy na naaamoy mo
- 2 bagay o pagkaing nalalalahan mo
- 2 bagay na maaari mong mahawakan

Maaaring isulat mo ang iyong mga sagot sa malikhaing hugis tulad ng bahay, dahon, o kaserola na iginuhit sa papel. Sa huli, maging handa kang ibahagi ang iyong mga sagot at ipaliwanag kung paano mo ginamit ang iyong mga pandama sa iyong pagmamasid.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	Petsa:	
Nilalaman:	Paggamit ng Limang Pandama Eksperimentasyon sa Imahen / Pagbuo ng Imahen Gamit ang Pagwawangis at Pagtutulad		
Pangalan:		Baitang:	

- I.** Gawain Bilang 2: **Tuklas-Tayutay: Damhin at Unawain!**
- II.** Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahng makapagpapaliwanag gamit ang pagwawangis at pagtutulad sa pagbuo ng imahen.
- III.** Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat
- IV.** Panuto: Basahin at suriing mabuti ang maikling teksto na naglalarawan ng isang tagpo gamit ang limang pandama at tayutay. Tukuyin ang damdaming ipinahahayag ng teksto at obserbahan kung paano ginamit ang mga salita sa isang malikhain at masining na paraan at sagutin ang mga tanong.

Teksto:

Ang kusina ay tila nag-aapoy na mundo ng samyo, kung saan tumatalon ang mantika sa init ng kawali. Umaalingawngaw ang lagitik ng nilulutong ulam habang unti-unting kumakalat ang amoy ng bawang at sibuyas sa buong bahay. Mistulang niyayakap ng init ng kalan ang bawat taong pumapasok sa kusina, at ang bawat higop ng sabaw ay waring nagpapawi ng pagod at lungkot ng maghapon.

1. Anong pandama ang higit na ginamit sa paglalarawan? Ipaliwanag.

2. Anong uri ng tayutay ang makikita sa pahayag? Ipaliwanag kung paano ito ginamit sa teksto.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	Petsa:	
Nilalaman:	Paggamit ng Limang Pandama Eksperimentasyon sa Imahen / Pagbuo ng Imahen Gamit ang Pagwawangis at Pagtutulad		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 3: **Likha sa Mata, Diwa sa Salita**
- II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang makapaglalahad ng mga pangungusap na may pagwawangis at pagtutulad.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat
- IV. Panuto: Masdan mong mabuti ang makulay at makahulugang larawan. Gamitin mo ang iyong imahinasyon upang makabuo ng isang malikhaing paglalarawan batay rito.
Pagkatapos, sumulat ka ng:
 - 2 pangungusap na may **pagtutulad**, at
 - 2 pangungusap na may **pagwawangis**
 Seguraduhin mong ang iyong mga pangungusap ay nakabatay sa larawang iyong tiningnan at gumamit ka ng masining at malikhaing mga salita upang maging malinaw at buhay ang iyong paglalarawan.



Mula sa <https://gemini.google.com/app>

Pagtutulad:

1.

2.

Pagwawangis:

1.

2.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	Petsa:	
Nilalaman:	Paggamit ng Limang Pandama Eksperimentasyon sa Imahen / Pagbuo ng Imahen Gamit ang Pagwawangis at Pagtutulad		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 4: **Sulyap at Salaysay: Pandama sa Aking Mundo**
- II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang makapagbubuo ng isang masining na paglalarawan ng paligid gamit ang limang pandama, pagwawangis, at pagtutulad.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat
- IV. Panuto: Basahin at unawain ang dalawang sitwasyong inilahad sa ibaba. Gamitin mo ang iyong imahinasyon upang makabuo ng isang masining na paglalarawan para sa bawat sitwasyon. Isaalang-alang ang paggamit ng limang pandama, pati na rin ang pagtutulad at pagwawangis, upang maging malinaw, buhay, at malikhain ang iyong sulatin.

Sitwasyon 1:

Sa Paaralan

Sa isang karaniwang araw sa paaralan, maaaring mapansin ang pagkakaisa ng magkakaklase, ang pagod ngunit patuloy na pagtuturo ng guro, o ang tahimik na mag-aaral na tila malalim ang iniisip sa isang sulok.

Sitwasyon 2:

Sa Komunidad

Sa loob ng barangay, maaaring masaksihan ang pagtutulungan ng mga kapitbahay tuwing may kalamidad, ang masiglang palengke tuwing umaga, o ang katahimikan ng kalsada sa gabi na tila humihinga nang payapa.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	Petsa:	
Nilalaman:	Paggamit ng Limang Pandama Eksperimentasyon sa Imahen / Pagbuo ng Imahen Gamit ang Pagwawangis at Pagtutulad		
Pangalan:		Baitang:	

- I.** Gawain Bilang 5: **Paningin Ko, Ilalahad Ko!**
- II.** Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang makapaglalarawan ng mga karanasan gamit ang limang pandama.
- III.** Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat
- IV.** Panuto: Basahin ang isang sitwasyon at sagutin ang sumusunod batay sa iyong imahinasyon.

Sitwasyon:

“Nasa isang lumang palengke ka sa umaga.”

1. Paningin: Ano ang nakikita mo?

2. Pandinig: Ano ang mga tunog na naririnig mo?

3. Pang-amoy: Ano ang mga naaamoy mo?

4. Panlasa: Kung may natikman ka, ano ito?

5. Pandama: Ano ang nararamdaman mo sa iyong paligid (init, lamig, magaspang, atbp.)?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	Petsa:	
Nilalaman:	Paggamit ng Limang Pandama Eksperimentasyon sa Imahen / Pagbuo ng Imahen Gamit ang Pagwawangis at Pagtutulad		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 6: **Tulang Munti, Pandamang Ngiti!**
- II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang makabubuo ng isang masining na paglalarawan ng paligid gamit ang limang pandama, pagwawangis, at pagtutulad.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat
- IV. Panuto: Sumulat ka ng isang malayang tula tungkol sa isang lugar, alaala, tao, o karanasang nais mong ilarawan. Dapat ang iyong tula ay hindi bababa sa apat na saknong.

Sa iyong pagsulat, gamitin mo ang limang pandama upang maging malinaw at buhay ang damdamin at imaheng nais mong ipakita. Sikapin mo ring gumamit ng pagwawangis at pagtutulad upang maging masining, makulay, at makahulugan ang iyong tula.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	Petsa:	
Nilalaman:	Paggamit ng Limang Pandama Eksperimentasyon sa Imahen / Pagbuo ng Imahen Gamit ang Pagwawangis at Pagtutulad		
Pangalan:		Baitang:	

- I.** Gawain Bilang 7: **Tukuyin mo!**
- II.** Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang makapaglalarawan ng mga karanasan gamit ang limang pandama.
- III.** Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat
- IV.** Panuto: Basahin at unawain ang bawat pahayag. Tukuyin ang hinihingi sa bawat aytem.

A. Limang Pandama (1–10)

Panuto: Tukuyin kung anong pandama ang ginamit sa bawat pangungusap.

1. Nakita ko ang makukulay na ilaw sa gabi.
2. Naamoy ko ang bagong lutong tinapay sa kusina.
3. Narinig ko ang malakas na kulog sa kalangitan.
4. Natikman ko ang matamis na mangga.
5. Naramdaman ko ang malamig na tubig sa aking kamay.
6. Ang hardin ay puno ng mababangong bulaklak.
7. Ang musika ay napakalakas sa loob ng bulwagan.
8. Ang balat ng pusa ay malambot at makinis.
9. Ang araw ay maliwanag na sumisikat sa silangan.
10. Ang kape ay mainit at mapait sa aking dila.

B. Pagwawangis at Pagtutulad (11–15)

Panuto: Tukuyin kung ang pangungusap ay **Pagwawangis** o **Pagtutulad**.

11. Siya ay parang bituin na nagbibigay liwanag sa aking buhay.
12. Ang kaniyang ngiti ay araw sa aking madilim na mundo.
13. Ang kaniyang tinig ay tulad ng musika sa aking pandinig.
14. Siya ay leon sa tapang sa gitna ng laban.
15. Ang buhay ay parang ilog na patuloy sa pag-agos.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasanay sa Pagsasalaysay 1. Pagbabahagi ng mga Naratibo 1.1. Naratibong Biro (Narrative Jokes) 1.2. Personal na Alaala o Karanasan 2. Pagkatha ng mga Naratibo 2.1. Hakang Karanasan ng Iba (makatotohanan) 2.2. Hakang Karanasan (pantastiko)		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 1: **EmojiISTORYA**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang malilinig ang malikhaing pag-iisip at kakayahan sa pagbuo at pagsusuri ng maikling kuwento gamit ang mga emoji. Matututuhan ding matukoy ang simula, gitna, at wakas ng isang naratibo at maipahayag ito nang malinaw.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat, mga emoji.
- IV. Panuto: Pagmasdan ang mga emoji na ipakikita ng guro (hal. 🤔 🚪 👻). Suriin kung anong kuwento ang maaaring mabuo mula sa mga ito. Pagkatapos, bumuo ng maikling paliwanag tungkol sa posibleng pangyayari sa likod ng mga emoji gamit ang mga gabay na tanong: Ano ang unang nangyari o sitwasyon? Ano ang naging problema o pangyayari? Paano ito natapos o ano ang kinalabasan? Matapos maisulat ang sagot, ibahagi ito sa klase sa paraang malinaw at maikli.

EMOJISTORYA

HULA SA EKSENA!

Tingnan ang mga emoji at hulaan ang posibleng kwento sa likod nito.
Tukuyin ang **SIMULA**, **GITNA**, at **WAKAS** ng kuwento.

SET 1	→ →	<div style="background-color: #FF6347; padding: 5px; border: 1px solid black;">HULA SA EKSENA:</div>
SET 2	→ →	<div style="background-color: #3CB371; padding: 5px; border: 1px solid black;">HULA SA EKSENA:</div>
SET 3	→ →	<div style="background-color: #4682B4; padding: 5px; border: 1px solid black;">HULA SA EKSENA:</div>

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasanay sa Pagsasalaysay 1. Pagbabahagi ng mga Naratibo 1.1. Naratibong Biro (Narrative Jokes) 1.2. Personal na Alaala o Karanasan 2. Pagkatha ng mga Naratibo 2.1. Hakang Karanasan ng Iba (makatotohanan) 2.2. Hakang Karanasan (pantastiko)		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 2: **3M's (Magnilay-Makipagpares-Magbahagi)**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang malilinang ang kakayahan sa pagbabahagi, pagsusuri, at pagtukoy ng iba't ibang uri ng naratibo batay sa sariling karanasan at pananaw.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: Maglahad ng isang karanasan o kuwentong iyong narinig na maaaring nakatatawa, makatotohanan, o kathang-isip. Pagkatapos, makipagpares sa kaklase at ibahagi ang inyong kuwento sa loob ng 2-3 minuto. Matapos ang pagbabahagi, sagutin ang tanong: *"Sa iyong palagay, sa anong uri ng naratibo nabibilang ang iyong ibinahagi? Bakit?"* Ipaliwanag nang maikli ang iyong sagot.



PAG-UURI NG NARATIBO

TUKUYIN ANG URI NG KUWENTONG IYONG IBINAHAGI.

Pangalan: _____
 Baitang at Seksyon: _____ Petsa: _____

PANUTO: Batay sa kuwentong iyong ibinahagi, tukuyin kung anong uri ng naratibo ito at ipaliwanag ang iyong sagot.

URI NG NARATIBO:

DAHILAN:

GUIDE BOX

Mga Uri ng Naratibo.

-  Naratibong Biro
-  Personal na Alaala o Karanasan
-  Hango sa Karanasan ng Iba (Makatotohanan)
-  Pantastiko o Kathang-isip

“Walang mali sa iyong kwento. Ang mahalaga, ito ay makabuluhan!”

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasanay sa Pagsasalaysay 1. Pagbabahagi ng mga Naratibo 1.1. Naratibong Biro (Narrative Jokes) 1.2. Personal na Alaala o Karanasan 2. Pagkatha ng mga Naratibo 2.1. Hakang Karanasan ng Iba (makatotohanan) 2.2. Hakang Karanasan (pantastiko)		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 3: **Handa na ang Detektib!**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang malilinang ang kasanayan sa pagbuo ng hinuha, pag-unawa sa mga larawan, at pagbibigay-kahulugan sa mga pangyayari upang matukoy ang aralin.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: Pagmasdan at suriing mabuti ang larawang ipakikita ng guro. Pagkatapos, isipin kung ano ang ipinahihiwatig nito. Matapos ang pagsusuri, sagutin ang gabay na tanong.



1. Mahihinuha n'yo ba ang posibleng nangyari bago at matapos ang insidente sa loob ng silid-aralan?

2. Ano kaya ang kaugnayan ng pagkakaroon ng mga pangyayari sa simula, habang, at pagkatapos sa tatalakayin natin ngayong araw?

3. Ano sa palagay mo ang matututuhan natin sa araling ito?
Ibahagi ang iyong sagot sa klase nang malinaw at maayos.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasanay sa Pagsasalaysay 1. Pagbabahagi ng mga Naratibo 1.1. Naratibong Biro (Narrative Jokes) 1.2. Personal na Alaala o Karanasan 2. Pagkatha ng mga Naratibo 2.1. Hakang Karanasan ng Iba (makatotohanan) 2.2. Hakang Karanasan (pantastiko)		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 4: **Ayos sa Komiks!**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang malilinig ang kakayahan sa pagsusuri ng daloy ng kuwento at pagtukoy sa simula, gitna, at wakas ng isang naratibo.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: Suriin ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa bawat larawan upang matukoy kung alin ang simula, gitna, at wakas ng kuwento. Isulat ang tamang label sa bawat kahon. Pagkatapos, isulat sa ibabang bahagi ang iyong paliwanag kung bakit iyon ang iyong naging sagot. Tiyaking malinaw, organisado, at lohikal ang iyong paliwanag upang maipakita ang iyong pag-unawa sa daloy ng kuwento mula simula hanggang wakas.






GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasanay sa Pagsasalaysay 1. Pagbabahagi ng mga Naratibo 1.1. Naratibong Biro (Narrative Jokes) 1.2. Personal na Alaala o Karanasan 2. Pagkatha ng mga Naratibo 2.1. Hakang Karanasan ng Iba (makatotohanan) 2.2. Hakang Karanasan (pantastiko)		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 5: **Salaysay na may Saysay**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang malilinig ang kakayahan sa pagbuo ng maikling salaysay na may malinaw na simula, gitna, at wakas, at sa pagpapakita ng mga pagpapahalagang moral sa sariling karanasan.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: Bumuo ng isang maikling salaysay tungkol sa isang karanasan o sitwasyon sa buhay na nagpapakita ng mabuting asal tulad ng katapatan, respeto, o pagtulong sa kapuwa. Tiyaking may simula, gitna, at wakas ang iyong kuwento. Sa dulo ng iyong salaysay, isulat ang aral o pagpapahalagang iyong natutuhan mula rito.
 - Gamitin bilang gabay ang sumusunod na tanong:
 - Ano ang nangyari sa sitwasyon?
 - Ano ang naging bunga o epekto ng iyong ginawa?
 - Paano mo nasuri ang paraan ng iyong pagkilos sa sitwasyon?



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasanay sa Pagsasalaysay 1. Pagbabahagi ng mga Naratibo 1.1. Naratibong Biro (Narrative Jokes) 1.2. Personal na Alaala o Karanasan 2. Pagkatha ng mga Naratibo 2.1. Hakang Karanasan ng Iba (makatotohanan) 2.2. Hakang Karanasan (pantastiko)		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 6: **Hiraya Manawari**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang malilinang ang kakayahan sa malikhaing pagsulat gamit ang imahinasyon at pagbuo ng maikling salaysay na may malinaw na simula, gitna, at wakas.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: Dugtungan ang sumusunod na pahayag sa pamamagitan ng pagbuo ng isang maikling salaysay na hindi bababa sa 5–7 pangungusap. Gamitin ang iyong imahinasyon at tiyaking malinaw ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.



“Kung ako ay nakalipad sa kalawakan...”

“Kung may nakita akong mahiwagang bagay...”



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasanay sa Pagsasalaysay 1. Pagbabahagi ng mga Naratibo 1.1. Naratibong Biro (Narrative Jokes) 1.2. Personal na Alaala o Karanasan 2. Pagkatha ng mga Naratibo 2.1. Hakang Karanasan ng Iba (makatotohanan) 2.2. Hakang Karanasan (pantastiko)		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 7: **Picto-Kuwento**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makabubuo ng malikhaing salaysay batay sa larawan at sa paggamit ng tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat, larawan.
- IV. Panuto: Masusing pagmasdan ang larawang ipakikita. Batay rito, bumuo ng isang malikhaing salaysay na naglalahad ng maaaring pangyayari bago, habang, at pagkatapos ng tagpo sa larawan. Isulat ang iyong sagot sa anyong talata na may malinaw na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari at gumamit nang angkop na mga salitang nagsasaad ng panahon upang maging maayos ang daloy ng iyong kuwento.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasanay sa Pagsasalaysay 1. Pagbabahagi ng mga Naratibo 1.1. Naratibong Biro (Narrative Jokes) 1.2. Personal na Alaala o Karanasan 2. Pagkatha ng mga Naratibo 2.1. Hakang Karanasan ng Iba (makatotohanan) 2.2. Hakang Karanasan (pantastiko)		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 8: **Tatlo, Dalawa, Isa: Aking Natuklasan**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang malilinang ang kakayahan sa replektibong pagsulat, pagbubuod ng natutuhan, at pagpapaliwanag ng kahalagahan ng pagsasalaysay sa pang-araw-araw na buhay.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: Sa gawaing ito, isulat sa isang talata ang iyong repleksiyon sa aralin. Ilahad ang tatlong bagay na iyong natutuhan mula sa talakayan, magbigay ng dalawang halimbawa ng naratibo na iyong naunawaan, at ipaliwanag ang isang dahilan kung bakit mahalaga ang pagsasalaysay sa pang-araw-araw na buhay. Seguraduhing malinaw, maayos ang daloy ng ideya, at buo ang pangungusap sa iyong sagot

Pangalan:
Petsa:

Tatlo, Dalawa, Isa: Aking Natuklasan

3 bagay na iyong natutuhan

1. _____
2. _____
3. _____

2 halimbawa ng naratibo

1. _____
2. _____

1 dahilan kung bakit mahalaga ang pagsasalaysay

1. _____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasanay sa Pagsasalaysay 1. Pagbabahagi ng mga Naratibo 1.1. Naratibong Biro (Narrative Jokes) 1.2. Personal na Alaala o Karanasan 2. Pagkatha ng mga Naratibo 2.1. Hakang Karanasan ng Iba (makatotohanan) 2.2. Hakang Karanasan (pantastiko)		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 9: **Hinto-Sugod-Diretso!**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang malilinang ang kakayahan sa pagninilay at pag-uugnay ng natutuhan sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga dapat itigil, simulan, at ipagpatuloy.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: Sagutan ang gawaing pinamagatang **“Hinto, Sugod, at Diretso.”** Gamit ang nakahandang sagutang papel, isulat ang iyong sagot sa bawat bahagi:
 - **HINTO** – Isulat ang isang ideya o kaalaman mula sa aralin na sa tingin mo ay mahalagang hindi makalimutan.
 - **SUGOD** – Isulat ang isang bagong natutuhan o gawain na nais mong simulang gawin batay sa iyong pagkatuto.
 - **DIRETSO** – Isulat ang isang gawi o kaalaman na dapat mong ipagpatuloy dahil nakatutulong ito sa iyong pag-unawa sa aralin.

HINTO	SUGOD	DIRETSO

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	4	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasanay sa Pagbuo ng Tauhan		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 1: ***Myth-taken Identity***
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang matutukoy ang mahahalagang katangian, gampanin, at representasyon ng mga tauhan sa mga pamilyar na salaysay (hal. mito at alamat).
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: Ang mga pahiwatig na nasa ibaba ay tungkol sa isang tauhan mula sa mito o alamat. Tukuyin kung sino ang inilalarawan at isulat ang iyong sagot sa papel.

Mga Pahiwatig

1.
 - a. Ako ay isang dalagang kilala sa kagandahan sa isang tanyag na alamat.
 - b. Ang aking kuwento ay kaugnay ng isang tanyag na bulkan sa Bikol.
 - c. Ang aking pag-ibig ay nauwi sa isang trahedya.
 - d. Ako ay naging simbolo ng wagas ngunit masaklap na pag-ibig.
2.
 - a. Ako ay isang mandirigmang prinsesa na namuno sa isang bayan.
 - b. Ako ay kilala sa aking tapang at husay sa pakikipaglaban.
 - c. Ako ay namuno sa mga babaeng mandirigma.
 - d. Ako ay simbolo ng lakas at kakayahan ng kababaihan.
3.
 - a. Ako ang unang babae sa ilang mito ng paglikha ng tao.
 - b. Ako ay simbolo ng kagandahan at biyaya sa kalikasan.
 - c. Ako ay katuwang ni Malakas sa pagsisimula ng sangkatauhan.
 - d. Ako ay mahalagang tauhan sa mga sinaunang salaysay ng paglikha.
4.
 - a. Ako ay isang diwata na naninirahan sa isang kilalang bundok sa Laguna.
 - b. Ako ay tagapag-alaga ng kagubatan, hayop, at likas na yaman.
 - c. Sinasabing nagpapakita ako sa mga taong may mabuting kalooban.
 - d. Ako ay simbolo ng kalikasan at kabutihang-loob.
5.
 - a. Ako ay nilalang na nagkukunwaring sanggol upang makapanlinlang.
 - b. Ako ay umiiyak upang maakit ang mga taong naglalakad sa gabi.
 - c. Kapag nilapitan, nagiging nakakatakot ang aking anyo.
 - d. Simbolo ako ng panlilinlang at takot sa mga alamat.

Pamprosesong Tanong

1. Anong mga tiyak na pahiwatig mula sa narinig na deskripsyon ang naging batayan sa iyong pagtukoy sa tauhan?
2. Paano mo iniuugnay ang mga katangian ng tauhang inilarawan sa iyong kaalaman tungkol sa mga mito at alamat?
3. Anong estratehiya ang iyong ginamit upang mahinuha ang tamang sagot habang unti-unting ibinibigay ang mga pahiwatig?
4. Sa iyong palagay, paano nakatutulong ang pag-unawa sa mga katangian ng tauhan upang mas mapalalim ang pag-unawa sa mga mitolohikal at alamat na akda?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	4	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasanay sa Pagbuo ng Tauhan		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 2: **TauhanShift**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makabubuo ng bagong tauhan na hango sa mga pamilyar na salaysay sa pamamagitan ng malikhaing pag-aangkop, modernisasyon, o pagpapalit ng tungkulin (bida, kontrabida, bagay, o hayop bilang tauhan).
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto:

Mga Hakbang sa Gawain

- Pumili ka ng **dalawang tauhan** mula sa magkaibang mito o alamat (hal. isa mula sa Griyegong mitolohiya, isa mula sa alamat sa Pilipinas). Isulat ang pangalan, pinagmulan, at pangunahing katangian ng bawat isa.
- Tukuyin mo ang **tungkulin o katangian na ipagpapalit** — hal. ang bida ay magiging kontrabida, ang may kapangyarihan ay magiging walang lakas, o ang bayani ay magiging isang ordinaryong tao. Gamitin ang "Paano kung..." bilang panimula ng pag-iisip.
- Sumulat ka ng **maikling talata o eksena** (1-2 talata) na naglalarawan sa bagong sitwasyon. Isama ang saloobin, diyologo, at kilos ng tauhan upang ipakita kung paano nagbago ang kanilang papel.

Pamprosesong Tanong

- Paano nabago ng pagpapalit ng tungkulin o katangian ang pananaw mo sa tauhan at sa mismong salaysay?

- Anong bagong mensahe o tema ang nabuo mula sa ginawang "*character swap*"?

- Paano nakatulong ang gawaing ito sa paglinang ng iyong malikhaing pag-iisip at pagbuo ng bagong tauhan?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	4	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasanay sa Pagbuo ng Tauhan		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 3: **Same Story, Different Glory**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang masusuri ang mga katangian at papel ng tauhan upang matukoy ang angkop na pagbabago, adaptasyon, o transposisyon (hal. bida, kontrabida, o di-karaniwang representasyon tulad ng bagay o hayop bilang tauhan).
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: May mga tauhan sa ibaba mula sa mito at alamat, kasama ang kanilang **kahinaan** at **kinahinatnan** sa orihinal na kuwento. Gamit ang parehong tauhan at sitwasyon, iisip ka kung paano mababago ang daloy ng salaysay kung **malalampasan ng tauhan ang kaniyang kahinaan** at magagamit ito bilang **bagong kalakasan o positibong katangian**.

Susuriin mo ang magiging epekto ng pagbabagong ito sa kuwento, at **susulat ng 3–5 talata** sa isang buong papel na naglalarawan ng bagong kinahinatnan ng tauhan at binagong daloy ng salaysay.

Mga Tauhan

1. Achilles Griyegong Mitolohiya

Iliad ni Homer — isa sa pinakamalakas na bayani ng digmaang Trojan

Kahinaan: Labis na pagmamalaki at galit — nang mapahiya siya ni Agamemnon, tumanggi siyang lumaban at hayaang mamatay ang kaniyang mga kasama

Kinahinatnan: Namatay ang kaniyang pinakamatalik na kaibigan na si Patroclus — dahil lang sa hindi siya nakipagtulungan. Sa huli, namatay rin si Achilles, hindi sa labanan kundi sa pamamagitan ng isang lihim na kahinaan ng kaniyang katawan.

2. Medusa Griyegong Mitolohiya

Isang mortal na babae na ginawang halimaw ng diyosa na si Athena

Kahinaan: Galit at pait sa mundo — matapos mapinsala at mapalitan ang anyo nang laban sa kanyang kalooban, pinili niyang maging mapanganib at itaboy ang lahat

Kinahinatnan: Naging simbolo siya ng karahasan at takot — at sa huli ay pinatay siya ni Perseus, hindi dahil sa kaniyang kasalanan kundi dahil sa kaniyang pananakot sa mundo

3. Prinsesa ng Banyera Filipino Alamat

Alamat ng isang prinsesa na nagpabaya sa kaniyang mga pananagutan dahil sa pag-ibig

Kahinaan: Labis na pag-asa sa iba — iniwanan ang kaniyang mga tungkulin at sarili upang sundan ang isang taong hindi kayang ibigin siya nang ganoon din

Kinahinatnan: Naiwan siya — nawala ang kaniyang kaharian, ang kaniyang katayuan, at ang kaniyang dignidad. Nagtapos ang kuwento sa kaniyang kalungkutan at pagkawala ng sarili

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	4	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasanay sa Pagbuo ng Tauhan		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 4: **Kuwentong Lodi**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makabubuo ng bagong tauhan na hango sa mga pamilyar na salaysay sa pamamagitan ng malikhaing pag-aangkop, modernisasyon, o pagpapalit ng tungkulin (bida, kontrabida, bagay, o hayop bilang tauhan).
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: Pipili ka ng isang bagay o hayop mula sa isang mito o alamat (hal. ang espada ni Lam-ang, ang agila sa kuwento ng Maragtas, ang bundok sa alamat ni Maria Makiling). Pagkatapos, susulat ka ng isang unang panahunan na naratibo na hindi bababa sa limang pangungusap mula sa pananaw ng bagay o hayop na ito — paano nito nakikita ang mga tauhan at pangyayari sa kuwento.

Halimbawa:

Ako si **Siklab**, ang espada ni Lam-ang. Sa bawat pag-indayog ko, ramdam ko ang kaniyang lakas at determinasyon na ipagtanggol ang kaniyang bayan. Nakikita ko kung paano siya hindi natitinag kahit gaano kalakas ang kaniyang mga kalaban. Sa tuwing ako ay kumikislap, alam kong may laban na kailangang tapusin nang may tapang at dangal. Ako ay hindi lamang sandata, kundi tagapag-ingat ng kanyang kabayanihan.

Pamprosesong Tanong

1. Ano ang naging batayan mo sa pagpili ng katangian at damdamin ng bagay o hayop na iyong inilahad sa naratibo?

2. Paano nakatulong ang pananaw ng napili mong bagay o hayop upang mas maunawaan ang mga pangyayari sa mito o alamat?

3. Sa anong paraan mo naipakita ang ugnayan ng iyong tauhan at ang orihinal na kuwento?

4. Ano ang natutuhan mo sa pagtingin sa isang kuwento mula sa perspektiba ng isang bagay o hayop?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	4	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasanay sa Pagbuo ng Tauhan		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 5: **Legendary pero 5G**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang masusuri ang mga katangian at papel ng tauhan upang matukoy angangkop na pagbabago, adaptasyon, o transposisyon (hal. bida, kontrabida, o di-karaniwang representasyon tulad ng bagay o hayop bilang tauhan).
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: Pumili ka ng isang tauhan mula sa mito, alamat, o kasaysayan at ilagay siya sa isang ganap na naiibang genre ng kuwento tulad ng *horror*, *sci-fi*, *fantasy*, *romance*, o *comedy*. Isulat kung paano kikilos, magsasalita, at haharapin ng tauhan ang mga pangyayari sa bagong genre habang pinananatili pa rin ang kaniyang orihinal na katangian at personalidad. Maaaring gumamit ng halimbawa tulad ni Lapu-Lapu sa isang *horror story* o nina Malakas at Maganda sa isang sci-fi na kuwento.

Batayan sa Pagpupuntos


Pamantayan	Paglalarawan	Puntos
Pagkamalikhain	Naipakita ang malikhaing paglalagay ng tauhan sa bagong genre at naging kawili-wili ang daloy ng kuwento.	10
Pagpapanatili ng Katangian ng Tauhan	Napanatili ang orihinal na katangian, kilos, at personalidad ng tauhan kahit nabago ang genre.	10
Kaangkupan sa Genre	Malinaw na naipakita ang katangian at elemento ng napiling genre (hal. <i>horror</i> , <i>sci-fi</i> , <i>comedy</i>).	10
Organisasyon at Kaayusan ng Ideya	Maayos ang pagkakasunod-sunod ng pangyayari at malinaw ang pagpapahayag ng idea.	5
Wastong Gamit ng Wika	Gumamit ng wastong baybay, bantas, at gramatika sa pagsulat.	5
KABUOAN		40

GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin:	4	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasanay sa Pagbuo ng Tauhan		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 6: **TAGLINaw**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang matutukoy ang mahahalagang katangian, gampanin, at representasyon ng mga tauhan sa mga pamilyar na salaysay (hal. mito at alamat).
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: Suriin ang sumusunod na *tagline* upang makabuo ng isa hanggang dalawang pangungusap na bubuod sa tinalakay na aralin.

1. Sa bagong anyo ng mga tauhan, nananatili ang aral na humuhubog sa pagkatao.



2. Hindi laging masama ang kontrabida; minsan siya ay bayani sa sarili niyang kwento.



Ang mga larawan at ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng Gemini AI at ChatGPT

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	4	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasanay sa Pagbuo ng Tauhan		
Pangalan:		Baitang:	


- I. Gawain Bilang 7: **Tama o Mali**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang masusuri ang mga katangian at papel ng tauhan upang matukoy angangkop na pagbabago, adaptasyon, o transposisyon (hal. bida, kontrabida, o di-karaniwang representasyon tulad ng bagay o hayop bilang tauhan).
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: Basahin at unawain ang bawat pahayag tungkol sa pagbuo ng tauhan sa mito at alamat. Isulat ang **Tama** kung wasto ang pahayag at **Mali** kung hindi.

1. Ang pagbuo ng tauhan ay nakatuon lamang sa pagbibigay ng pangalan at pisikal na anyo ng karakter.
2. Sa modernong pagsulat, maaaring bigyan ng panloob na hidwaan (*internal conflict*) ang mga tauhan mula sa mito at alamat.
3. Ang *archetypal characters* ay tumutukoy sa mga tauhang natatangi lamang sa isang kultura at hindi matatagpuan sa ibang salaysay.
4. Maaaring ilipat ang mga tauhan mula sa mito at alamat sa modernong konteksto upang mas maging makabuluhan ang kanilang representasyon.
5. Sa *role reversal*, hindi na maaaring baguhin ang pananaw ng bida at kontrabida dahil nakapirmi na ito sa orihinal na kuwento.
6. Ang *villain perspective storytelling* ay nagbibigay ng pagkakataon na makita ang kuwento mula sa pananaw ng kontrabida.
7. Ang *anthropomorphism* ay ang pagbibigay ng katangiang pantao sa hayop, bagay, o abstraktong konsepto.
8. Ang pagbuo ng tauhan ay hindi nangangailangan ng pag-unawa sa kanilang kilos, salita, at relasyon sa ibang tauhan.
9. Ang modernong *retelling* ay hindi nagbabago ng orihinal na mensahe ng mito o alamat.
10. Mahalaga ang pag-aaral ng pagbuo ng tauhan upang makalikha ng mas makabuluhan at makabagong interpretasyon ng mga klasikong salaysay.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	5	Petsa:	
Nilalaman:	Paggamit ng Sukat at Tugma at Pagsasanay sa mga Bukal ng Pagtula		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 1: **Sukat-Sipat**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makapaghati at makapagbilang ang kabuoang pantig ng bawat linya.
- III. Kagamitang Kailangan: Panulat, Papel
- IV. Panuto: Basahin nang mabuti ang sumusunod na taludtod. Hatiin sa pantig ang bawat salita at bilangin ang kabuoang pantig ng bawat linya. Isulat ang bilang ng pantig upang matukoy ang sukat ng taludtod.



Paalala sa Guro: Maaaring pumili pa ng iba pang taludtod.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang naging batayan mo sa pagbibilang ng pantig sa bawat taludtod?
2. Madali ba o mahirap tukuyin ang sukat? Bakit?
3. Ano ang napansin mo sa bilang ng pantig sa bawat taludtod?
4. Paano nakatutulong ang pagbibilang ng pantig sa pag-unawa sa tula?
5. Bakit mahalaga ang sukat sa pagbuo ng isang maayos na tula?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	5	Petsa:	
Nilalaman:	Paggamit ng Sukat at Tugma at Pagsasanay sa mga Bukal ng Pagtula		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 2: **Tuklas-Bukal! (Laro Version)**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang matukoy kung bugtong o salawikain ang mga pahayag.
- III. Kagamitang Kailangan: Panulat, Papel
- IV. Panuto: Makinig at makisali! Babasahin ng guro ang bawat pahayag. Sa hudyat, itaas ang inyong sagot: **BUGTONG o SALAWIKAIN**. Ang mga mapipiling mag-aaral ay kailangang ipaliwanag ang kanilang sagot.

Mga Pahayag	
1. Isang butil na palay, sakop ang buong bahay.	5. Isang prinsesa, nakaupo sa tasa.
2. Ang hindi marunong lumingon sa pinanggalingan ay hindi makararating sa paroroonan.	6. Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa.
3. Maliit pa si kumpare, nakakaakyat na sa tore.	7. Dalawang batong maitim, malayo ang nararating.
4. Kung may tiyaga, may nilaga.	8. Kung ano ang itinanim, siya ring aanihin.
	9. Buto't balat, lumilipad.
	10. Ang taong nagigipit, sa patalim kumakapit


Pamprosesong Tanong

- Paano mo natukoy kung ang isang pahayag ay bugtong o salawikain?
- Ano ang pagkakaiba ng bugtong at salawikain batay sa mga halimbawa?
- Aling bahagi ng gawain ang naging madali o mahirap para sa iyo? Bakit?
- Ano ang napansin mo sa layunin ng mga bugtong kompara sa salawikain?
- Paano nakatutulong ang mga bugtong at salawikain sa pag-unawa sa kulturang Pilipino?
- Kung bibigyan ka ng pagkakataon, makabubuo ka ba ng sarili mong bugtong o salawikain? Bakit oo o bakit hindi?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	5	Petsa:	
Nilalaman:	Paggamit ng Sukat at Tugma at Pagsasanay sa mga Bukal ng Pagtula		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 3: **Tula-Dalumat**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang maipakita ang kabuoang pag-unawa sa aralin tungkol sa paggamit ng sukat at tugma at pagsasanay sa mga bukal ng pagtula.
- III. Kagamitang Kailangan: Panulat, Papel
- IV. Panuto: Gamit ang *graphic organizer*, ipakita ang kabuoang pag-unawa sa aralin tungkol sa paggamit ng sukat at tugma at pagsasanay sa mga bukal ng pagtula. Punan ang bawat bahagi ng tamang impormasyon tungkol sa sukat at tugma, malayang taludturan, at mga bukal ng pagtula (bugtong at salawikain). Isulat ang kahulugan, kahalagahan, at halimbawa o gamit ng bawat isa.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	5	Petsa:	
Nilalaman:	Paggamit ng Sukat at Tugma at Pagsasanay sa mga Bukal ng Pagtula		
Pangalan:		Baitang:	

I. Gawain Bilang 4: Maramihang Pamimilian

- II.** Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang maunawaan ang paggamit ng sukat at tugma at pagsasanay sa mga bukal ng pagtula.
- III.** Kagamitang Kailangan: Panulat, Papel
- IV.** Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat katanungan. Piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.
- Sa pagbuo ng tula, mahalagang isaalang-alang ang bilang ng pantig sa bawat taludtod. Ano ang tinutukoy ng sukat?
 - Haba ng isang nalathalang tula
 - Bilang ng saknong sa bawat tula
 - Bilang ng pantig sa bawat taludtod
 - Uri ng tugma na nakalahad sa tula
 - May iba't ibang uri ng sukat na ginagamit sa tula. Ano ang ibig sabihin ng pipituhin?
 - Pitong tugma sa bawat tula
 - Pitong saknong sa bawat tula
 - Pitong pantig sa bawat taludtod
 - Pitong taludtod sa bawat saknong
 - Ang tugma ay nagbibigay ng kaayusan at himig sa tula. Ano ang katangian ng tugmang malakas?
 - Walang tugma
 - Nagtatapos sa patinig
 - Nagtatapos sa katinig
 - Parehong haba ng salita
 - Ang bugtong ay isang anyo ng panitikan na gumagamit ng malikhaing paglalarawan. Ano ang pangunahing layunin nito?
 - Magbigay ng utos
 - Magkuwento ng alamat
 - Magpahayag ng damdamin
 - Magpahula gamit ang talinghaga
 - Ang salawikain ay bahagi ng mga bukal ng pagtula na naglalahad ng karunungan. Ano ang ipinapahayag nito?
 - Aral sa buhay
 - Isang uri ng tugma
 - Haba ng isang tula
 - Teknik sa pagsulat

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	5	Petsa:	
Nilalaman:	Paggamit ng Sukat at Tugma at Pagsasanay sa mga Bukal ng Pagtula		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 5: **Tama o Mali!**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang maunawaan ang paggamit ng sukat at tugma at pagsasanay sa mga bukal ng pagtula.
- III. Kagamitang Kailangan: Panulat, Papel
- IV. Panuto: Basahin at suriing mabuti ang bawat pahayag. Iguhit ang  kung tama ang pahayag at  kung mali. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.

_____ 1. Ang sukat sa tula ay hindi lamang tumutukoy sa bilang ng pantig, kundi nakaaapekto rin ito sa ritmo at daloy ng pagpapahayag ng damdamin.

_____ 2. Ang tugma ay isang estilistikong elemento lamang at walang direktang epekto sa kabuoang kahulugan ng tula.

_____ 3. Ang paggamit ng bugtong ay isang halimbawa ng di-tuwirang pagpapahayag na nangangailangan ng masusing pag-unawa at interpretasyon.

_____ 4. Ang salawikain ay sumasalamín sa karunungan ng kultura at maaaring gamitin bilang gabay sa pagpapasya sa kasalukuyang sitwasyon.

_____ 5. Sa modernong panulaan, hindi na mahalaga ang sukat at tugma dahil wala na itong kaugnayan sa bisa ng tula.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	6	Petsa:	
Nilalaman:	I. Pagsulat ng Tula II. Pagbuo ng Burador sa Koleksyon ng Tula		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 1: **TAYA-TULA**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang maibahagi ang dating kaalaman sa paksang-aralin.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: *Lagyan ng tsek(✓) ang talahanayan batay sa lawak ng iyong nalalaman sa tula.*



TSEKLIST SA ATING PAG-AARAL NG TULA

Saan ka na sa iyong pag-unawa? Tsek ang iyong natutunan!



 Mga Aralin sa Tula	 Beysik 'Yan! (Nauunawaan ko na)	 Naaalala (Naalala ko pa)	 Limot na (Kailangan pang balikan)
1 Tugmaan sa patinig	☐	☐	☐
2 Tugmaan sa katinig	☐	☐	☐
3 Mga uri ng sukat	☐	☐	☐
4 Sesura	☐	☐	☐
5 Tayutay	☐	☐	☐
6 Himig	☐	☐	☐
7 Tinig	☐	☐	☐
8 Tradisyonal na tula	☐	☐	☐
9 Modernong tula	☐	☐	☐
10 Postmodernong tula	☐	☐	☐




Layunin: Matukoy ang antas ng pag-unawa at pagpapahalaga sa iba't ibang elemento at anyo ng tula.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	6	Petsa:	
Nilalaman:	I. Pagsulat ng Tula II. Pagbuo ng Burador sa Koleksyon ng Tula		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 2: **TULAnyo**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang matukoy ang iba't ibang anyo ng tula.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: Suriing mong mabuti ang mga halimbawa ng tula sa talahanayan at sagutin ang tanong sa ibaba nito.

Tradisyonal na Tula	Modernong Tula	Postmodernong Tula
COVIDiona ni Sigrid F. Tibordo  <i>Mula sa nagwaging tula sa patimpalak ng Rappler at Awit Foundation</i>	DAMAY KA ni Joel A. Malabanan <p>Sa pila sa dyip, kahit maaga ka Ang pag-alis ay depende kung puno na; Damay ka sa kilos ng iba Kung nagmadali, magtaxi ka.</p> <p>Ganoon din sa halalan Kung nagwagi ang gusto ng marami Damay ka sa desisyon ng iba Lalo na kung tiwali ang nagwagi.</p> <p>Sa doktrina ng relihiyong Katoliko Nagkasala ka na, wala ka pa sa mundo; Damay ka sa pagkatukso nina Eva at Adan Buti na lang at nagkatawang tao ang Diyos At naligtas ang tao sa pagtutuos!</p> <p>Sa tunggalian sa lipunan Ang naghahari ang nagtatakda ng pamantayan Damay ka kahit ligtas ka sa kinalalagyan Ang hindi pakikisangkot upang itaguyod ang katarungan</p>	REVERSE POETRY ni Vice Ganda <p>Ang simula Dahil ang lahat ay ibabalik natin, Sa ating pasuko Ng paghihiwalay Na nagbunga Ng di pagkakaunawaan Ang lahat Kalimutan na natin Wala tayong gagawin kundi, Hanggang sa ating sumpaan at sa pag-ibig, Isuko na natin Ang ating sarili. Araw-Araw Kung paano tayo sisirain Ng butas, Lamang siya. Naghahanap Ng kaaway Wag nating pabayaang lunurin tayo Ng walang pag-ibig Dahil hindi tayo mabubuhay Sa piling ng isa't isa Magkayakap Masaya at Nagmamahalan Totoo hindi magiging tayo Hindi Kita Mahal Ito ang totoo Ito ang dapat Magmahal? Magpasensya? Magpatawad? Kabulaanan Tapusin na natin to! Ang</p>

	<p>Ay pagkampi sa pumapaslang sa kalayaan!</p> <p>Kung damay naman tayo sa lahat ng nagaganap Bakit tinutuligsa ng iba ang pumapasan Ng tungkuling ipaglaban ang ating mga karapatan? Panahon nang ang mga aktibista at mga makabayang samahan Ay ating damayan!</p>	<p>Galit, Selos Ang poot Ang pagiging mapagmataas Kalimutan mona Ang tadhana kaya May nakalaang plano sa atin Sa papatawad? Kasinungalingan Kasama maglaho ang lahat Mawawala Ang pagtatapos Sa simula</p> <p><i>(Basahin mula simula at basahin mula sa dulo't paitaas)</i></p>
--	--	--

Prosesong Tanong:

1. Anong uri ng panitikan ang nasa talahanayan?

2. Ano ang palatandaan na tula ang mga ito?

3. Paano ilalarawan ang nasa unang kolum? Ikalawa? At ikatlo?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	6	Petsa:	
Nilalaman:	I. Pagsulat ng Tula II. Pagbuo ng Burador sa Koleksyon ng Tula		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 3: **PERSONAnalysis**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang masuri ang persona at himig ng isang tula.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
Panuto: *Suriing mong mabuti ang sipi ng ilang bahagi ng isang sikat na OPM sa ibaba at sagutin ang mga tanong sa ibaba nito.*

Batang-bata ka pa at marami ka pang
Kailangang malaman at intindihin sa mundo
'Yan ang totoo
Nagkakamali ka kung akala mo na
Ang buhay ay isang mumunting paraiso lamang
Batang-bata ka lang at akala mo na
Na alam mo na ang lahat na kailangan
mong malaman
Buhay ay 'di gan'yan
Tanggapin mo na lang ang katotohanan
Na ikaw ay isang musmos lang na wala
pang alam
Makinig ka na lang, makinig ka na lang

Batang-bata ako, nalalaman ko 'to
Inaamin ko rin na kulang ang aking
nalalaman
At nauunawaan
Ngunit kahit gan'yan ang kinalalagyan
Alam ko na may karapatan ang bawat
nilalang
Kahit bata pa man, kahit bata pa man
Nais ko sanang malaman ang mali sa
katotohanan
Sariling pagraranas ang aking
pamamagitan
Imulat ang isipan sa mga kulay ng buhay
Maging tunay na malaya sa katangi-tanging
bata

Prosesong Tanong:

1. May ideya ka kung anong kanta ang pinagkunan ng mga liriko sa talahanayan?

2. Tungkol saan ito?

3. Sa iyong palagay, sino o ano ang katauhang nagtatago sa mga linya sa unang kolum?

4. Ano ang kaniyang himig o layon batay sa nilalaman ng mga liriko?

5. Sino naman o ano ang katauhan ng nagsasalita sa ikalawa?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	6	Petsa:	
Nilalaman:	I. Pagsulat ng Tula II. Pagbuo ng Burador sa Koleksyon ng Tula		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 4: **PLUMA HINDI PROMPT**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw inaasahang makabuo ng isang tula nang hindi umaasa sa tulong ng *artificial intelligence*.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
Panuto: *Sagutin mo ang tanong, matapos ay basahin at lagdaan ang pangako mo sa pagsulat nang buong puso at katapatan.*



PANATA NG PANULAT

Ako'y Makata, Ako ang Lumikha.

PANATA KO BILANG MAKATA

Bilang isang mag-aaral at manunulang Pilipino,
ako ay nangangakong:

☐

Isusulat ko ang tula ko mula sa aking
puso, isip, at sariling karanasan.

☐

Gagamitin ko ang AI o iba pang teknolohiya bilang **gabay lamang**, hindi bilang kapalit ng aking pag-iisip at pagkamalikhain.

☐

Igalang ko ang orihinal na gawa ng iba at **hindi kokopyahin o aaruin** ng ideya.

☐

Pagsisikapan kong maging **tapat at responsible** sa bawat salitang aking isusulat.

☐

Ipagmamalaki ko ang **sariling tinig, kultura, at kagandahang Pilipino** sa aking tula.

Naniniwala ako na ang tula ay salamin ng aking pagkatao at pagmamahal sa wika at bayan. Kaya't ako'y nangangakong gagawin ang aking makakaya upang maging makata na malikhain, totoo, at makabuluhan.



PANGALAN: _____

BAITANG AT PANGKAT: _____

PETSA: _____

LAGDA KO,


Pangako Ko.

LAGDA DITO

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	6	Petsa:	
Nilalaman:	I. Pagsulat ng Tula II. Pagbuo ng Burador sa Koleksyon ng Tula		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 5: **MAPA NG KONSEPTO**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makapagbuod ng konsepto ng aralin sa tulong ng mga diyagram.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: *Punan mo ang mapa ng kahulugan ng bawat anyo ng tula at dalawang elemento.*



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	6	Petsa:	
Nilalaman:	I. Pagsulat ng Tula II. Pagbuo ng Burador sa Koleksyon ng Tula		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 6: **BERSIYON UNO**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makabuo ng unang burador ng tula.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: Bumuo ka ng unang burador ng koleksiyon tula para sa pinal prokdukto. Gamiting mong gabay ang balangkas

ANG AKING UNANG BURADOR NG TULA

1. Anyo at Uri:

.....

Anong klaseng tula ang iyong isusulat?
(e.g., Soneto, Haiku, Malayang Taludturan)

2. Paksa/Tema:

.....

Tungkol saan ang iyong tula?

3. Damdamin/Tono:

.....

Anong emosyon ang gusto mong maramdaman ng nagbabasa?

• Simula:

Paano mo sisimulan ang tula?
(Pambungad na larawan)

1

• Gitna:

.....

• Gitna:

.....

• Wakas:

Paano mo tatapusin ang tula?
(Pangwakas na kaisipan)

4

5. Mga Susing Salita/Simbolo:

Ilista ang mga espesyal na salita o simbolo na gagamitin mo.

.....

.....

.....

Gawin mong espesyal ang iyong tula! Simulan mo na!

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	7	Petsa:	
Nilalaman:	I. Pagsulat ng Tula		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 1: **TULA-ALAM**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang maibahagi ang dating kaalaman sa paksang-aralin.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: *Punan ang talahanayan ng hinihinging impormasyon. Sa pagsasagot, gamiting gabay ang sumusunod:*
 - a. Talos na – ilahad ang malawak na kaalaman sa tula sa pamamagitan ng tanaga.
 - b. Bubot pa – ilahad ang kahinaang nais mapalakas sa tula sa pamamagitan ng dalit.
 - c. Magkakaalaman – ilahad ang nais pang malaman sa tula sa pamamagitan ng diyona.

Talos na	Bubot pa	Magkakaalaman
<p style="text-align: center;">Ano-ano na ang alam mo tungkol sa tula?</p> <div style="height: 200px; border: 1px solid #ccc; margin-top: 10px;"></div>	<p style="text-align: center;">Ano-ano pa ang gusto mong malaman tungkol sa tula?</p> <div style="height: 200px; border: 1px solid #ccc; margin-top: 10px;"></div>	<p style="text-align: center;">Ano-ano ang iyong matututuhan tungkol sa tula?</p> <div style="height: 200px; border: 1px solid #ccc; margin-top: 10px;"></div>

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	7	Petsa:	
Nilalaman:	I. Pagsulat ng Tula		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 2: **KAPWA KRITIK**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makapagsuri at makapagbigay ng mungkahi sa burador ng kamag-aaral.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: *Gamit ang tseklis, lapatan ng rebyu ang burador ng katambal na kamag-aaral.*

TSEKLIS SA PAGBUO NG TULA

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang bawat pahayag kung natugunan sa binuong tula.

A. TRADISYONAL NA TULA

May sukat at tugma, may tiyak na estruktura at saknong.

- 1 May malinaw na paksa o mensahe ang tula. ☐
- 2 Gumamit ng wastong sukat sa bawat taludtod. ☐
- 3 May tugma ang mga dulong salita. ☐
- 4 Maayos at organisado ang estruktura ng saknong. ☐
- 5 Gumamit ng matatalinghagang pahayag o masining na salita. ☐
- 6 Ang nilalaman ay angkop sa napiling anyo ng tradisyonal na tula. ☐
- 7 Naipakita ang damdamin o kaisipan sa malikhaing paraan. ☐
- 8 Malinis at maayos ang pagkakasulat ng tula. ☐
- 9 Orihinal ang pagkakabuo ng tula. ☐
- ✓ 10 Hindi gumamit ng AI o anumang automated writing tool sa pagbuo ng tula. ☐

B. MODERNONG TULA

Malayang taludturan, mas malikhaing at personal ang pagpapahayag.

- 1 May malinaw na tema o mensahe ang tula. ☐
- 2 Gumamit ng malayang taludturan. ☐
- 3 Malayang naipahayag ang damdamin o ideya. ☐
- 4 Gumamit ng malikhaing paglalarawan o simbolismo. ☐
- 5 Naipakita ang pagiging malikhaing sa paggamit ng salita. ☐
- 6 Ang estilo ng pagsulat ay nagpapakita ng sariling boses o pananaw. ☐
- 7 Ang nilalaman ay makabuluhan at napapanahon. ☐
- 8 Maayos ang daloy ng kaisipan sa tula. ☐
- 9 Orihinal ang pagkakasulat ng tula. ☐
- ✓ 10 Hindi gumamit ng AI o anumang automated writing tool sa pagbuo ng tula. ☐

C. POSTMODERNONG TULA

Eksperimental at malikhaing, malaya sa estruktura at anyo.

- 1 May malinaw na mensahe o konseptong nais ipahayag. ☐
- 2 Gumamit ng malikhaing at eksperimental na estilo. ☐
- 3 Maaaring gumamit ng simbolo, emoji, larawan, o kakaibang porma. ☐
- 4 Naipakita ang pagiging malaya sa estruktura at anyo. ☐
- 5 Gumamit ng makabago o napapanahong tema. ☐
- 6 Naging malikhaing sa presentasyon ng tula. ☐
- 7 Naipahayag nang mabisa ang damdamin o pananaw. ☐
- 8 Orihinal at natatangi ang pagkakabuo ng tula. ☐
- 9 Malinaw pa rin ang mensahe kahit eksperimental ang estilo. ☐
- ✓ 10 Hindi gumamit ng AI o anumang automated writing tool sa pagbuo ng tula. ☐

★ Tandaan: Ang tunay na tula ay galing sa puso, isipan, at karanasan mo! ♥

Sumulat nang malikhaing. Maging totoo. Maging ikaw. ♥

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	7	Petsa:	
Nilalaman:	I. Pagsulat ng Tula		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 3: **REBISYON AKSYON**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang malapatan ng rebisyon ang unang burador ng susulating tula.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
Panuto: *Punan ang talahanayan ng kinakailangang impormasyon at planong aksyon para sa ikabubuti ng sinusulat na tula.*

AKTIBIDAD NA SHEET PARA SA MGA MAG-AARAL
PAGREREBISA NG BINUONG BURADOR NG TULA

Pangalan: _____
Baitang at Pangkat: _____
Petsa: _____

Kalakasan

1. Ano ang iyong pinakamalaking talento sa pagpili ng salita sa tula?

2. Sa anong mga imahen ka pinakakomportable at pinakamatagumpay sa tula?

3. Isulat ang 3 mga kasanayang (skills) sa matalinghagang pananalita na nakikita mo sa iyong burador.

Kahinaan

1. Ano ang mga kasanayan sa tugma o sukat na kailangan mong linangin sa iyong burador?

2. Ano ang nakakahadlang sa malinaw na pagpapahayag ng damdamin sa iyong tula?

3. Mayroon ka bang masamang nakagawian (gaya ng paulit-ulit na salita) na nakakaapekto sa kalidad ng iyong tula?

Planong Aksyon

1. Paano mo magagamit ang iyong lakas sa imahen para malampasan ang iyong kahinaan sa sukat?

2. Paano mo planong mapabuti ang iyong mga matalinghagang pahayag para maging mas malakas?

3. Isulat ang 3 konkretong hakbang (gaya ng paghahanap ng kasingkahulugan o pagbabago ng huling saknong) na iyong gagawin sa susunod na buwan.

PIRMA NG GURO: _____
Gumawa ng positibong pagbabago!

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	7	Petsa:	
Nilalaman:	I. Pagsulat ng Tula		
Pangalan:		Baitang:	

- I** Gawain Bilang 4: **THINK-TULO**
- II** Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makabuo ng malikhain, kaakit-akit at angkop na pamagat sa binubuong tula.
- III** Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV** Panuto: *Bumuo ng angkop, kaakit-akit at malikhaing pamagat para sa isinusulat na koleksiyon ng tula.*

Gabay sa Paglikha ng Mapukaw na Pamagat ng Tula

Hango sa aralin tungkol sa pagbuo ng borador ng tula, ang gabay na ito ay tumutulong sa pagpili ng pamagat na may lalim at dating sa mambabasa gamit ang **Persona**, **Himig**, at **Anyo**.

HAKBANG SA PAGPILI NG PAMAGAT



Tukuyin ang Persona at Himig

1

- Siguraduhing ang pamagat ay tumutugma sa **tinig** (persona) at damdaming (himig) namamayani sa akda.

2



langkop sa Anyo ng Tula

- Ibukod kung ang pamagat ay para sa **Tradisyonal** (may talinghaga) o **Postmoderno** (tulad ng Spine Poetry).



Pluma, Hindi Prompt

- Iwasan ang pag-asa sa AI; mas mapukaw ang pamagat na nagmula sa tunay na karanasan.

MGA URI NG HIMIG BILANG INSPIRASYON

Himig na Nang-uuyam o Nagpapatawa: Gamitin ang mapanuksong tono para sa mga pamagat na nais magbigay ng kritisismo.



Himig na Naglilimi o Naglalarawan: Angkop ito sa mga pamagat na nag-aanyaya ng malalim na pag-iisip o meditasyon.



Teknik na Spine Poem: Pagpagsamahin ang mga pamagat ng aklat upang makabuo ng isang bago at makabuluhang tema.

WORKSHEET: GABAY NA PAGSASANAY PARA SA PAMAGAT

ELEMENTO NG TULA	GABAY NA TANONG PARA SA PAMAGAT
Persona	Sino ang nagsasalita at paano niya nais ipakilala ang tula?
Himig	Ano ang pangunahing emosyon (galit, saya, pangangaral) na dapat maramdaman sa titulo?
Anyo	Angkop ba ang pamagat sa estruktura (hal. maikli para sa Tanaga o biswal para sa Concrete)?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	7	Petsa:	
Nilalaman:	I. Pagsulat ng Tula		
Pangalan:		Baitang:	

- I.** Gawain Bilang 5 **BERSYONG PINAL**
- II.** Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakasusulat ng koleksiyon ng iba't ibang anyo ng tula.
- III.** Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV.** Panuto: Isulat ang pinal na bersyon ng tula mula sa sinuring at iwinastong burador. Gamiting gabay ang sumusunod na rubrik:

Pamantayan	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Katamtaman (2)	Nangangailangan ng Pagpapabuti (1)
Nilalaman at Kaisipan	Malalim, malinaw, at makabuluhan ang mensahe ng tula; nagpapakita ng mataas na antas ng pag-unawa sa paksa.	Malinaw at makabuluhan ang mensahe ng tula.	Bahagyang malinaw ang mensahe ngunit kulang sa lalim.	Hindi malinaw ang mensahe at kulang sa kaugnayan sa paksa.
Pagkamalikhain at Orihinalidad	Lubhang malikhain at natatangi ang presentasyon ng ideya at estilo.	Malikhain ang presentasyon ng ideya.	May kaunting pagkamalikhain ngunit karaniwan ang pagkakabuo.	Kulang sa pagkamalikhain at orihinalidad.
Pagsunod sa Anyo ng Tula	Ganap na nasunod ang katangian ng napiling anyo ng tula (tradisyonal, moderno, o postmoderno).	Karamihan sa katangian ng anyo ay nasunod.	Bahagyang nasunod ang katangian ng anyo.	Hindi nasunod ang katangian ng anyo ng tula.
Paggamit ng Wika at Tayutay	Wasto, masining, at angkop ang paggamit ng salita, tayutay, at simbolismo.	Wasto at angkop ang paggamit ng wika at ilang tayutay.	May ilang kamalian sa paggamit ng wika at limitadong tayutay.	Maraming kamalian sa paggamit ng wika at walang masining na elemento.
Organisasyon at Kaayusan	Napakahusay ng daloy at pagkakahanay ng mga taludtod at saknong.	Maayos ang pagkakabuo ng tula.	Bahagyang maayos ang daloy ng tula.	Magulo at hindi organisado ang pagkakabuo ng tula.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	8	Petsa:	
Nilalaman:	Pagkakaiba-iba ng mga Popular na Genre ng Maikling Kuwento Pagpapaliwanag ng pagkakaiba-iba ng mga Tunggalian		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 1: **Laman ng Aking Bag**
- II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang:
 - a. Natutukoy ang simbolismo ng mga karaniwang bagay na makikita sa loob ng bag.
 - b. Naiuugnay ang mga simbolikong bagay sa isang akdang nabasa o napanood upang mapalalim ang pag-unawa sa teksto.
 - c. Nakapagpapahayag ng sariling interpretasyon sa pamamagitan ng pagbibigay-kahulugan at pag-uugnay ng bagay sa karanasan sa panitikan.
- III. Kagamitang Kailangan: Sariling bag ng mag-aaral, Dalawang (2) personal na gamit sa loob ng bag (hal. *ballpen*, *notebook*, *susi*, *wallet*, etc.), Papel o *worksheet* (para sa talahanayan ng sagot) at Panulat, Akdang nabasa o napanood (maaaring maikling kuwento, pelikula, o nobela)
- IV. Panuto: Pumili ng dalawang (2) gamit mula sa iyong bag at bigyan ito ng pagpapaliwanag kung ano ang sinisimbolo nito. Matapos ay alalahanin ang isang akda, nakasulat man ito o napanood na naglalarawan sa bagay na iyon. Ipakita ang malaking ugnayan ng gamit sa nabasa o napanood na akda.

1. Gamit/Bagay sa Bag Blg. 1

Bagay	Paliwanag
Simbolismo	
Nabasa o Napanood na Akda	
Uganayan ng Gamit sa Nabasa o Napanood na Akda	

2. Gamit/Bagay sa Bag Blg. 2

Bagay	Paliwanag
Simbolismo	
Nabasa o Napanood na Akda	
Uganayan ng Gamit sa Nabasa o Napanood na Akda	

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	8	Petsa:	
Nilalaman:	Pagkakaiba-iba ng mga Popular na Genre ng Maikling Kuwento Pagpapaliwanag ng pagkakaiba-iba ng mga Tunggalian		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 2: **Tukoy-Tunggalian**
- II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang:
 - a. Natutukoy ang iba't ibang uri ng tunggalian sa akdang pampanitikan o sitwasyon.
 - b. Naipapaliwanag ang katangian ng bawat uri ng tunggalian batay sa ibinigay na halimbawa.
 - c. Napapa
 - d. Napapalalim ang pag-unawa sa ugnayan ng tunggalian at karanasan sa tunay na buhay.
- III. Kagamitang Kailangan: *Worksheet* o kopya ng mga sitwasyon, *Panulat, Notebook, Whiteboard* at *marker* (para sa talakayan ng guro), *PowerPoint* o *visual aid* (opsiyonal para sa paglalahad ng mga uri ng tunggalian)
- IV. Panuto: Basahin ang bawat sitwasyon at tukuyin kung anong uri ng tunggalian ang ipinapakita (Tao laban sa Sarili, Ibang Tao, Lipunan, Kalikasan, Tadhana, Teknolohiya). Pagkatapos, magbigay ng isang katangian ng tunggaliang ito.

Sitwasyon 1: Si Ana ay labis na naguguluhan kung ipagpapatuloy ba niya ang kaniyang pangarap na maging doktor o susundin ang kagustuhan ng kaniyang magulang na siya ay mag-abroad pagkatapos ng kolehiyo.

Tunggalian	Katangian

Sitwasyon 2: Dahil sa malakas na bagyo, napilitang lumikas ang pamilya ni Marco habang patuloy na bumabaha sa kanilang lugar at unti-unting nasisira ang kanilang bahay.

Tunggalian	Katangian

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	8	Petsa:	
Nilalaman:	Pagkakaiba-iba ng mga Popular na Genre ng Maikling Kuwento Pagpapaliwanag ng pagkakaiba-iba ng mga Tunggalian		
Pangalan:		Baitang:	

I. Gawain Bilang 3: Hulaan Tunggalian

II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

- Natutukoy ang iba't ibang uri ng tunggalian (tao laban sa sarili, ibang tao, lipunan, kalikasan, tadhana, teknolohiya) batay sa mga sitwasyong ibinigay.
- Naipaliliwanag ang dahilan o batayan ng kanilang sagot sa loob ng (1–2 pangungusap).
- Napalalawak ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa pag-uugnay ng tunggalian sa pang-araw-araw na karanasan.

Kailangan: *Worksheet* o kopya ng mga sitwasyon, Panulat, *Notebook*, at *marker* (para sa talakayan at pagwawasto), *Projector* o *visual aid* (opsiyonal para sa presentasyon ng mga uri ng tunggalian)

III. Panuto: Basahin ang bawat sitwasyon. Tukuyin kung anong uri ng tunggalian ang ipinapakita sa bawat isa. Isulat ang sagot sa papel at magbigay ng maikling paliwanag (1–2 pangungusap).

● **Sitwasyon 1.** Si Marco ay napipilitang mandaya sa eksam dahil sa matinding *pressure* ng kanyang magulang na dapat siya ay maging *top student* sa klase. Ngunit alam niyang mali ito kaya siya ay labis na nababagabag.

Paliwanag: _____

● **Sitwasyon 2.** Sa gitna ng malakas na bagyo, si Aling Nena ay pilit na inililigtas ang kaniyang mga anak habang unti-unting bumabaha sa kanilang bahay.

Paliwanag: _____

● **Sitwasyon 3.** Nagdesisyon si Liza na tumigil sa pag-aaral upang tulungan ang kaniyang pamilya sa pagtatrabaho, ngunit labis siyang nangangarap na makapagtapos ng kolehiyo.

Paliwanag: _____

● **Sitwasyon 4.** Si Ethan ay nakikipaglaban sa sarili niyang takot na magsalita sa harap ng maraming tao kahit alam niyang mahalaga ito para sa kaniyang proyekto.

Paliwanag: _____

● **Sitwasyon 5.** Sa isang bayan, ipinagbabawal ang paggamit ng *social media*, ngunit maraming kabataan ang lihim na lumalabag dito upang maipahayag ang kanilang opinyon.

Paliwanag: _____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	8	Petsa:	
Nilalaman:	Pagkakaiba-iba ng mga Popular na Genre ng Maikling Kuwento Pagpapaliwanag ng pagkakaiba-iba ng mga Tunggalian		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 4: **“Kuwento Ko, Genre Ko!”**
- II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang:
 - a. Natukoy ang kahulugan at katangian ng maikling kuwento batay sa isang napiling akda.
 - b. Naiisa-isa ang iba’t ibang popular na genre ng akdang tuluyan at ang kanilang pangunahing katangian.
 - c. Naihahambing ang iba’t ibang genre ng maikling kuwento gamit ang sariling pag-unawa at kritikal na pag-iisip.
- III. Kailangan: Kopya ng maikling kuwento (*printed o digital*), *Worksheet o activity sheet*, Panulat, *Notebook*, *Whiteboard* at *marker* (para sa talakayan), *Visual aid o chart* ng mga genre ng akdang tuluyan (opsiyonal)
- IV. Panuto: Pumili ng isang maikling kuwento na alam mo o nabasa na. Gamit ang iyong kaalaman, isagawa ang sumusunod:

1. Tukuyin ang kahulugan at katangian ng maikling kuwento batay sa napiling akda (ilista ang hindi bababa sa 3 katangian na nakita mo).

Kahulugan ng Maikling Kuwento batay sa binasa:

Katangian ng Maikling Kuwento batay sa binasa:

- _____
- _____
- _____

2. Maglista ng tatlong (3) popular na genre ng akdang tuluyan (hal. kababaghan o *fantasy*, katatakutan o *horror*, *sci-fi*, *detective fiction*, romansa) at isulat ang isang pangunahing katangian ng bawat isa. Maaaring gumamit ng grapikong pantulong para maorganisa ang pagtatalakay.

Unang Genre: _____

Ikalawang Genre: _____

Ikatlong Genre: _____

3. Ihambing ang mga genre sa maikling kuwento na iyong pinili sa pamamagitan ng 2–3 pangungusap.

Pangungusap 1:

Pangungusap 2:

Pangungusap 3:

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	8	Petsa:	
Nilalaman:	Pagkakaiba-iba ng mga Popular na Genre ng Maikling Kuwento Pagpapaliwanag ng pagkakaiba-iba ng mga Tunggalian		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 5: **“Panitikang Detective Challenge”**
- II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang:
 - a. Natutukoy ang kahulugan at mahahalagang katangian ng maikling kuwento sa pamamagitan ng malikhaing gawain.
 - b. Naiisa-isa ang iba’t ibang popular na genre ng maikling kuwento at ang kanilang pangunahing katangian.
 - c. Naipakikita ang pag-unawa sa ugnayan at pagkakaiba ng mga genre sa pamamagitan ng paghahambing.
- III. Kailangan: *Activity sheet* na may “*Panitikang Detective Challenge*”, Panulat, *Notebook*, *Whiteboard* at *marker* (para sa talakayan at paglalahad ng sagot) , *Visual aid* o chart ng mga genre ng maikling kuwento (opsiyonal)
- IV. Panuto: Bigyang-kalutasan ang sitwasyon upang mas mapaunlad ang paksa
Sitwasyon: Ikaw ay isang “*Panitikang Detective*” na inatasang lutasin ang isang kaso tungkol sa mga akdang tuluyan. Gamit ang iyong kaalaman, suriin ang ebidensya at sagutin ang mga hamon sa ibaba.

Kaso #1: Ang Nawawalang Kahulugan. Isulat ang kahulugan ng maikling kuwento bilang bahagi ng iyong report:

Kaso #2: Katangian ng Biktima (Maikling Kuwento). Tukuyin ang tatlong (3) katangian ng maikling kuwento na makatutulong sa imbestigasyon:

- _____
- _____
- _____

Kaso #3: Mga Suspek (Genre File). Maglista ng tatlong (3) popular na genre ng maikling kuwento at isang pangunahing katangian ng bawat isa:

- Genre: _____ Katangian: _____
- Genre: _____ Katangian: _____
- Genre: _____ Katangian: _____

Kaso #4: Paglilitis (Paghahambing). Ihambing ang genre sa maikling kuwento at magbigay ng hatol kung paano sila nagkakaiba at nagkakatulad (2–3 pangungusap).

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	9	Petsa:	
Nilalaman:	MAIKLING KWENTO: Balangkas, Tauhan, Tagpuan at Tunggalian		
Pangalan:		Baitang:	

I. Gawain Bilang 1: Buoin Mo ang Kuwento

II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang makapagbabalangkas ng banghay para sa binubuong maikling kuwento.

III. Kagamitang Kailangan: Larawan, Bolpen

IV. Panuto: Pagsunud - sunurin mo ang mga pangyayari. Lagyan ng bilang ang bawat pahayag at sagutin ang mga pamprosesong tanong.

	Nagdesisyon siyang harapin ang kaniyang takot
	Nanalo siya sa patimpalak
	Nangarap siyang maging manunulat
	Kinabahan siya sa kompetisyon

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang tawag sa ganitong ayos ng pangyayari? (banghay)

2. Ano ang makikita sa kuwento bukod sa pangyayari? (tauhan, tagpuan, tunggalian)

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	9	Petsa:	
Nilalaman:	MAIKLING KWENTO: Balangkas, Tauhan, Tagpuan at Tunggalian		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Blg. 2: **Pagsusuri ng Halimbawa (Guided Analysis Activity)**
- II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang makapagbabalangkas ng banghay para sa binubuong maikling kuwento
- III. Kagamitang kailangan : Bolpen, Papel
- IV. Panuto: Basahin mo ang maikling kuwento at punan ang tsart na makikita sa ibaba:

Sa baryo ng San Isidro, kinatatakutan ang isang lumang puno sa kagubatan. Ngunit si Maya, isang mausisang dalagita, ay hindi naniwala sa mga kuwento kaya isinama niya ang kaibigang si Rico upang tuklasin ito.

Isang gabi, nakita nila ang liwanag mula sa puno ngunit hinarang sila ni Mang Lito. Ibinunyag niya na may nakatagong bukal ng malinis na tubig sa ilalim nito na siyang pinagkukunan ng buhay ng baryo. Kung malalaman ito ng iba, maaari itong masira.

Naunawaan ni Maya ang kahalagahan ng lihim kaya nangako siyang mananatili itong sikreto. Mula noon, tinulungan niya at ni Rico si Mang Lito na bantayan ang puno.

Mga Tauhan	
Tagpuan (Saan naganap ang kwento)	
Tunggalian (Suliranin)	
Wakas	

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	9	Petsa:	
Nilalaman:	MAIKLING KWENTO: Balangkas, Tauhan, Tagpuan at Tunggalian		
Pangalan:		Baitang:	

- I.** Gawain Blg. 3: **“Buod-Kaalaman Ko” (Concept Integration)**
- II.** Layunin: Sa gawing ito, ikaw ay inaasahang makabubuo ng mga tauhan, tagpuan, at tunggalian para sa maikling kuwento
- III.** Kagamitang kailangan : Bolpen, Papel
- IV.** Panuto: Bumuo ng maikling paglalahat sa pamamagitan ng pagsagot sa tanong sa ibaba. Gumamit ng concept map sa pagbuo ng maikling paglalahat.

“Ano ang kahalagahan ng banghay, tauhan, tagpuan, tunggalian, at punto de bista sa pagbuo ng isang maikling kuwento?”

GAWAING PAMPAGKATUTO

Maikling Kwento				
Balangkas	Tauhan	Tagpuan	Tunggalian	Punto De Bista

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	9	Petsa:	
Nilalaman:	MAIKLING KWENTO: Balangkas, Tauhan, Tagpuan at Tunggalian		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Blg. 4: **BuoKuwento**
- II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang makapagbabalangkas ng banghay para sa binubuong maikling kuwento
- III. Kagamitang kailangan : Bolpen, Papel
- IV. Panuto: Bumuo ka ng isang maikling kuwento batay sa sipi ng tulang makikita sa ibaba:

Pagbibitaw

ni: Neal Imperial


Laging may pagdadalawang isip
 Kung hindi nagbabakasakali
 Malimit tayong ginugulantang
 ng mga balitang pampalamig ng kape
 Kaya nahihimbing tayong
 gutom at ginagalaw

Takot tayong isugal ang sarili
 sa bulag na pagbitiw
 kaya ikinandado ang tiwala
 sa mga de-susing panaginip,
 de -rehas na bintana

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	10	Petsa:	
Nilalaman:	Paghahanda sa Palihan A. Halaga ng Palihan B. Mga Katangian ng Palihan		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 1: **LATAG-LAYON**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang matutukoy ang paunang kaalaman at inaasahang natutuhan tungkol sa araling palihan sa pamamagitan ng pagbibigay ng sariling ideya o prediksyon hinggil sa paksa.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: *Punan ang patlang upang matukoy ang maaaring patutunguhan ng tatalakaying aralin.*



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	10	Petsa:	
Nilalaman:	Paghahanda sa Palihan A. Halaga ng Palihan B. Mga Katangian ng Palihan		
Pangalan:		Baitang:	

- I.** Gawain Bilang 2: **Dalawang Uri ng Klase**
- II.** Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang masusuri ang pagkakaiba ng tradisyonal na lektyur at palihan na paraan ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagsusuri sa diyalogo.
- III.** Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV.** Panuto: Basahin at suriing mabuti ang dalawang maikling diyalogo na nagpapakita ng magkaibang paraan ng pagkatuto sa klase. Tukuyin kung alin sa dalawang sitwasyon ang nagpapakita ng “palihan” na paraan ng pagkatuto. Pagkatapos, ipaliwanag ang inyong sagot sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga katangian nito tulad ng aktibong talakayan, pagbabahaginan ng ideya, *peer feedback*, at pagrerebisa ng gawain.

- **Unang Klase (Tradisyonal na Lecture)**

Guro: Ngayon ay tatalakayin natin ang sanaysay. Ang sanaysay ay isang anyo ng pagsulat na naglalahad ng ideya, opinyon, o impormasyon tungkol sa isang paksa.

Mag-aaral: (Tahimik na nakikinig at nagsusulat ng notes)

Guro: May tatlong bahagi ito—simula, gitna, at wakas. Mahalaga na matutunan ninyo ito dahil madalas itong lumabas sa pagsusulit at gagamitin sa inyong mga gawain.

Guro: Tandaan lamang ang mga impormasyong ito dahil ito ang magiging basehan ng inyong susunod na pagsubok.

- **Ikalawang Klase (Palihan / Interaktibo)**

Guro: Bago tayo magsimula, sa inyong palagay, bakit mahalagang matutong sumulat ng sanaysay bilang mag-aaral sa SHS?

Mag-aaral 1: Para po maipahayag namin ang sariling opinyon at mas maunawaan ang mga isyu.

Mag-aaral 2: Para rin po sa *college* at sa *future jobs* po, kailangan marunong magsulat.

Guro: Magandang punto iyan. Ngayon, paano natin mapapabuti ang isang sanaysay na nasimulan na?

Mag-aaral 3: Siguro po kung rerebisahin namin ito at titingnan kung malinaw ang ideya.

Guro: Tama. Sa palihan na paraan, hindi lang basta sumusulat—may proseso ng pagbabahagi, pagbibigay ng *feedback*, at pagrerebisa.


Guro: Ngayon, gagawa kayo ng unang *draft* ng sanaysay. Pagkatapos, ipapasa ninyo ito sa kaklase para sa *peer feedback* bago ninyo ito irebisa at ipasa bilang *final output*.

Mag-aaral: (Nag-uusap at nagsisimula ng pagsulat ng *draft*)

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	10	Petsa:	
Nilalaman:	Paghahanda sa Palihan A. Halaga ng Palihan B. Mga Katangian ng Palihan		
Pangalan:		Baitang:	


- I. Gawain Bilang 3: **Bagong Karakter Unlock**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makabubuo ng malikhaing karakter gamit ang mga simpleng materyales upang maipakita ang mga kasanayan at pagpapahalagang nahubog mula sa palihan.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: *Bumuo ng bagong karakter na nagpapakita ng inaasahan sa isang tao na nagtamo ng mga bagong kasanayang nahubog mula sa palihan. Gumamit ng alinmang kagamitang makikita sa paligid o bag, gaya ng scratch paper, pinagtasahan ng lapis at iba pa. Lagyan ng maikling paglalarawan ang karakter.*



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	10	Petsa:	
Nilalaman:	Paghahanda sa Palihan A. Halaga ng Palihan B. Mga Katangian ng Palihan		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 4: **TAH**idea
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makabubuo ng malinaw at wastong pangungusap gamit ang limang salitang ibinigay upang maibuo ang aralin, na nagpapakita ng kanilang pag-unawa sa mga pangunahing konsepto at kakayahang magsintesis ng impormasyon.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: *Bumuo ng mga pangungusap gamit ang limang salita sa kahon upang maibuo ang aralin.*



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	10	Petsa:	
Nilalaman:	Paghahanda sa Palihan A. Halaga ng Palihan B. Mga Katangian ng Palihan		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 5: **Daliring-Dunong**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nailalarawan at naipaliliwanag ang mahahalagang konsepto ng palihan sa pamamagitan ng malikhaing pagguhit at pagbabahagi ng ideya upang higit na maunawaan ang kahalagahan ng rebisyon, interaktibong pagkatuto, *peer-driven* na talakayan, eksperimento sa pagsulat, at pagkilala sa indibidwal na tinig.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
- IV. Panuto: Iguhit ang inyong kaliwa o kanang kamay sa isang papel. Sa bawat daliri, isulat ang isang mahalagang konsepto tungkol sa palihan: (1) halaga ng rebisyon, (2) pagiging interaktibo, (3) *peer-driven* na pagkatuto, (4) eksperimento sa ideya at paraan ng pagsulat, at (5) pagkilala sa indibidwal na tinig. Pagkatapos, ihanda ang inyong gawa para sa maikling pagbabahagi sa klase at ipaliwanag ang bawat konsepto na inyong inilagay sa mga daliri.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	11	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasagawa ng Palihan		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 1: **Panig Mo! Ipanalo Mo!**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang masusuri ang pagiging angkop at epektibo ng mga puna, mungkahi, at makabuluhang tanong bilang batayan sa rebisyon at interpretasyon ng akda.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat
- IV. Panuto: Basahin ang pahayag kung **SUMASANG-AYON**, **HINDI SUMASANG-AYON**, o **HINDI TIYAK** ka rito. Ipaliwanag nang malinaw, makatuwiran, at magalang ang dahilan ng iyong sagot.

Mga Pahayag

1. “Ang matapat na puna ay palaging masakit pakinggan.”
2. “Mas mahalaga ang nilalaman kaysa wastong gramatika.”
3. “Hindi lahat ng puna ay dapat sundin ng manunulat.”
4. “Nakabubuti ang *peer feedback* sa pagpapahusay ng akda.”
5. “Ang mahusay na manunulat ay marunong tumanggap ng kritisismo.”
6. “Mahalaga ang rebisyon sa pagbuo ng mahusay na akda.”
7. “Mas epektibo ang magalang na puna kaysa mapanuyang komento.”
8. “Nakatutulong ang pagtatanong sa pagpapalalim ng pag-unawa sa akda.”
9. “Mas natututo ang manunulat kapag may malinaw na mungkahi sa rebisyon.”
10. “Ang pagbibigay ng puna ay nangangailangan ng pagiging obhetibo at responsable.”

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	11	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasagawa ng Palihan		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 2: **MISSION IMPOSSIBLE**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang matataya ang bisa at kabuluhan ng mga puna, mungkahi, at paglilinaw sa pagpapahusay ng kalidad, kaangkupan, at mensahe ng akda.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat
- IV. Panuto: Basahin at suriin ang dalawang bersiyon ng isang maikling talata na binubuo ng 3–5 pangungusap. Ang unang bersyon ay may mga pagkakamali sa gramatika, kalinawan ng ideya, o organisasyon ng pagkakasulat, samantalang ang ikalawang bersyon ay ang pinabuting anyo nito. Hanapin mo ang mga pagkakaiba ng dalawang teksto at ipaliliwanag kung bakit mas epektibo ang ikalawang bersyon.

BERSIYON A	BERSIYON B
Ang edukasyon ay sobrang mahalaga talaga sa lahat ng tao lalo na ngayon. Kasi ang teknolohiya ay mabilis na nagbabago at kailangan natin makasabay para hindi tayo mapagiwanan ng panahon. Maraming mga gadgets at internet na pwedeng gamitin para matuto tayo ng mga bago na bagay pero minsan nakakadistract din ito sa pag-aaral ng mga bata. Kaya dapat balance lang ang paggamit ng mga ito sa school at sa bahay din.	Sa kasalukuyang panahon, ang edukasyon ay nagsisilbing pundasyon upang makasabay sa mabilis na daloy ng teknolohiya. Bagama't ang mga makabagong kagamitan at internet ay nagbubukas ng malawak na pinto para sa pagkatuto, maaari din itong maging hadlang kung hindi gagamitin nang may disiplina. Ang pagkakaroon ng balanseng integrasyon ng teknolohiya sa paaralan at tahanan ay susi upang higit na mapakinabangan ang mga benepisyo nito nang hindi naisasantabi ang tunay na pokus sa pag-aaral.

Pamprosesong Tanong:

- Bakit mas epektibo ang Bersiyon B sa paghahatid ng mensahe?
- Ano ang naramdaman mo habang binabasa ang Bersiyon A kumpara sa Bersiyon B?
- Paano nakatulong ang muling pagbasa (*re-reading*) sa pagtukoy mo ng mga pagkakaibang ito?
- Batay sa ginawang pagsusuri sa dalawang talata, ano ang nahihinuha ninyong layunin ng ating aralin?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	11	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasagawa ng Palihan		
Pangalan:		Baitang:	

- I.** Gawain Bilang 3: **Structure Architect**
- II.** Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang matutukoy ang mahahalagang detalye, puna, at mungkahing kaugnay ng nilalaman, organisasyon, at gamit ng wika sa akda.
- III.** Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat
Ayusin ang mga pangungusap/ideya upang makabuo ng isang akda na may malinaw na introduksyon, katawan, at konklusyon, at may maayos na transisyon. Maaari kang magdagdag ng mga *transition words o phrases* kung kinakailangan.

Mga Pangungusap

1. Dito rin nasusubok ang pasensiya ng mga mag-aaral sa paghahanap ng mga datos.
2. Ang pananaliksik ay isa sa mga pinakamahalagang kasanayan na itinuturo sa *Senior High School*.
3. Sa huli, ang lahat ng pagod ay napapalitan ng kagalakan kapag natapos na ang pinal na burador.
4. Maraming mag-aaral ang natatakot sa paksang ito dahil sa dami ng kailangang isulat.
5. Ang bawat hakbang ay nangangailangan ng masusing pag-iisip at kritikal na pagsusuri.
6. Ngunit sa kabila ng takot, ito ang naghahanda sa kanila para sa kolehiyo.
7. Kailangang pumili ng isang napapanahong paksa na may kaugnayan sa kanilang strand.
8. Ang paggawa ng pananaliksik ay hindi lamang basta pagkuha ng impormasyon sa *internet*.
9. Matapos ang pangangalap ng datos, kailangan itong suriin at bigyan ng interpretasyon.
10. Nakatutulong din ito upang malinang ang kanilang kakayahan sa pakikipagkapuwa-tao sa pamamagitan ng mga *interview*.
11. Ang pananaliksik ay isang sining ng pagtuklas ng katotohanan.
12. Hindi matatapos ang proyekto kung walang pagtutulungan ang bawat miyembro ng grupo.

Pamprosesong Tanong:

1. Anong mga *transition words* ang idinagdag ninyo upang pagdugtungan ang mga pangungusap?
2. Paano ninyo tiniyak na ang bawat pangungusap ay may organikong kaisahan?
3. Ano ang naging batayan ninyo sa pagpili ng pangungusap para sa introduksiyon at konklusyon?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	11	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasagawa ng Palihan		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 4: **KaTALK**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang maipaliliwanag ang kabuluhan ng mga puna, mungkahi, at paglilinaw sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagpapabuti ng akda.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat
- IV. Panuto: Batay sa mga natutuhan mo hinggil sa pagsasagawa ng palihan, pumili ka ng isa (1) sa mga sitwasyong ibinigay at suriin ang kaugnayan nito sa aralin. Pagkatapos, ibahagi ang iyong sagot sa klase at hikayatin sila sa maikling talakayan sa pamamagitan ng tanungan at pagpapalitan ng ideya hinggil sa solusyong iyong nabuo.

Mga Sitwasyon

1. Badyet ng Pamilya — Kulang ang pera sa pagkain
Ang pamilya ni Mang Pedro ay may ₱500 na natitira para sa isang linggo. Kailangan nilang bumili ng pagkain para sa 5 miyembro ng pamilya. Bilang panganay, paano mo paplanuhin ang pagbili para matustusan ang lahat?
2. Kalikasan at Komunidad — Basura sa ilog ng barangay
Napansin ng mga estudyante na puno na ng basura ang ilog sa kanilang barangay. Nagsimulang bumaha ang lugar at nangamatay ang mga isda. Bilang kabataan, anong hakbang ang iyong gagawin para matugunan ang problemang ito?
3. Paggawa at Kabuhayan — Nawalan ng trabaho ang tatay
Biglang nawalan ng trabaho si tatay dahil sa pagsasara ng pabrika. May mga bayarin pa ang pamilya: kuryente, tubig, at matrikula. Ano ang mga praktikal na hakbang na maaaring gawin ng pamilya para harapin ang sitwasyong ito?
4. Pag-aaral at Pagpapasya — Mag-aral o magtrabaho?
Si Carlos ay inalok ng trabaho bilang *delivery boy* na may sahod na ₱400 sa isang araw. Pero may klase pa siya tuwing hapon. Kailangan ng pamilya ng dagdag na kita ngunit mahalaga rin ang kaniyang pag-aaral. Paano niya dapat harapin ang desisyong ito?
5. Kalusugan at Pagkain — May sakit ang kapatid, kulang ang pera
Dalawang araw na ang lagnat at ubo ni bunso. Nais ng nanay na dalhin sa doktor pero malayo ang ospital sa bahay at walang pambayad sa konsultasyon. Anong mga alternatibong solusyon ang maaari nilang gawin upang matugunan ang kalusugan ni Bunso?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	11	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasagawa ng Palihan		
Pangalan:		Baitang:	

- I.** Gawain Bilang 5: **Obhetibong Pagtataya**
- II.** Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang matutukoy ang mahahalagang detalye, puna, at mungkahing kaugnay ng nilalaman, organisasyon, at gamit ng wika sa akda.
- III.** Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat
- IV.** Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat katanungan. Piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.
 1. Sa isang palihan sa *Creative Writing*, pinababasa sa mga mag-aaral ang kanilang unang burador upang mapabuti ang kanilang akda sa pamamagitan ng puna at rebisyon. Ano ang pangunahing layunin ng palihan?
 - A. Magpabilis ng pagsusulat
 - B. Magbigay ng marka sa akda
 - C. Mapayabong ang kakayahan sa pagsulat
 - D. Maghatol ng pinakamahusay na manunulat
 2. Sa klase, binigyan ang mga mag-aaral ng unang burador ng kanilang tula at pinabasa ito nang buo nang hindi muna sinisuri. Ano ang unang hakbang sa matalik na pagbasa ang isinagawa?
 - A. Anotasyon
 - B. Puna sa akda
 - C. Ikalawang pagbasa
 - D. Unang pagbasa ng buong akda
 3. Habang binabasa ng isang mag-aaral ang tula, nagsusulat siya ng mga tanong at reaksiyon sa gilid ng papel. Ano ang tawag sa ganitong gawain?
 - A. Anotasyon
 - B. *Editing*
 - C. *Rewriting*
 - D. *Summarizing*
 4. Sa pagwawasto ng tula, napansin ng guro ang simbolong (!) sa gilid ng linya. Ano ang ibig sabihin nito sa anotasyon?
 - A. Pagwawasto ng baybay
 - B. Emosyon o sorpresa
 - C. Simbolo ng tauhan
 - D. Tanong

5. Sa palihan, binabasa ng mga mag-aaral ang kanilang akda nang tatlong beses upang masuri ang wika, imahen, at mensahe. Bakit ito ginagawa?
 - A. Para paikliin ang akda
 - B. Para kopyahin ang akda
 - C. Para matapos agad ang gawain
 - D. Para masuri nang malalim ang akda
6. Sa isang tula, ang paksa ay “pag-ibig,” ngunit ipinakita na ang tema ay “ang pag-ibig ay nagbibigay ng lakas sa pagharap sa pagkawala.” Ano ang tamang pahayag tungkol dito?
 - A. Ang tema ay pangalan ng tauhan.
 - B. Ang paksa ay mas malalim kaysa tema.
 - C. Ang paksa ay lantad, ang tema ay mas malalim na kahulugan.
 - D. Magkapareho ang nilalaman ng paksa at tema sa binuong tula.
7. Matapos ang unang *draft*, muling binasa ng mag-aaral ang kaniyang akda at may napansin siyang hindi niya nakita noon. Bakit mahalaga ang muling pagbasa?
 - A. Para mabuo ng pag-unawa
 - B. Para makabisado ang akda
 - C. Para baguhin ang pamagat
 - D. Para alisin ang mga tauhan
8. Sa klase, ibinigay ng guro ang linyang: “Ang kaniyang tinig ay ulan sa disyerto ng aking kalungkutan.” Pinapahanap sa mag-aaral ang uri ng pahayag. Ano ito?
 - A. Denotasyon
 - B. Metapora
 - C. Pormal na depinisyon
 - D. Simbolo
9. Isang mag-aaral ang nagsulat ng kuwento ngunit sinabi ng guro na kailangan ng *major revision* dahil hindi malinaw ang *punto de vista*. Ano ang pinakamainam na pagbabago?
 - A. Ayusin ang baybay
 - B. Palitan ang ilang salita
 - C. Baguhin ang pananaw ng salaysay
 - D. Magdagdag ng mga tamang bantas
10. Sa pagsusuri ng tula, napansin mong mahina ang emosyon dahil puro pangkalahatang salita lamang ang ginamit. Ano ang tamang gawin sa anotasyon?
 - A. Isulat muli ang tula
 - B. Magdagdag ng reaksiyon lamang
 - C. Burahin ang linya na angkop lamang gamitin
 - D. Magtala ng mungkahi para sa mas kongkretong imahen
11. Sa isang kuwento, napansin ng mag-aaral ang salitang “huling” sa simula ng pangungusap: “Nang huling makita ni Amelia ang kaniyang ama...” Ano ang maaaring kahulugan nito?
 - A. Oras ng araw
 - B. Simbolo ng pagkawala
 - C. Lugar na pinangyarihan
 - D. Pangalan ng tauhan sa kuwento

12. Sinabi ng isang mag-aaral: “Hindi maganda ang simula ng kuwento.” Ano ang problema sa ganitong puna?
- Walang kongkretong batayan
 - Masyadong mahaba ang pahayag
 - Mali ang gramatika sa pagkakasulat
 - Masyadong teknikal ang pagkakalahad
13. Sa isang maikling kuwento, ang unang bahagi ay tungkol sa kalikasan, ngunit ang huling bahagi ay biglang naging eksena sa ospital na may ibang tono. Ano ang posibleng isyu?
- Baybay
 - Organikong kaisahan
 - Paksa
 - Sukat at tugma
14. Sa isang tula, paulit-ulit na ginagamit ang panghalip na “ito” nang walang malinaw na tinutukoy. Ano ang epekto nito?
- Mas maikli ang tula
 - Mas malinaw ang tula
 - Mas nagiging masining
 - Nagiging malabo ang kahulugan
15. Sa palihan, may dalawang puna sa isang tula:
- A: *“Maganda ang tula.”*
- B: *“Maganda ang emosyon ngunit kulang sa linaw ang tauhan sa ikalawang saknong.”*
- Alin ang mas mahusay?
- A lamang
 - B lamang
 - Pareho
 - Wala sa nabanggit
16. Sa pag-uusap ng grupo, tinanong ng isang mag-aaral: “Sino ang lihim na tinutukoy sa kuwento?” Bakit hindi ito produktibong tanong sa palihan?
- Masyadong mahaba ang naging katanungan.
 - Walang kaugnayan ang tanong sa pinag-uusapan.
 - Mali ang gramatikang ginamit sa paglalahad ng idea.
 - Direkta nitong binubunyag ang dapat tuklasin ng mambabasa.
17. Sa pagbibigay ng puna, sinabi ng guro na mahalaga ang respeto at kongkretong mungkahi. Ano ang pangunahing layunin nito?
- Mapabuti ang akda nang may dignidad.
 - Mapahiya ang manunulat ng isang akda.
 - Mapabilis ang ginagawang pagsusulat ng akda.
 - Mapataas ang makukuhang marka sa isinusulat.

18. Sa isang *writing workshop*, ipinakita ng mag-aaral ang kaniyang tula na puno ng emosyon ngunit walang malinaw na tema. Sinabi ng isang kaklase: “Maganda ang tula kasi ramdam ang damdamin kahit hindi malinaw ang mensahe.” Ano ang pinakamahusay na pagtataya sa ganitong puna?
- A. Tama ito dahil sapat na ang emosyon.
 - B. Tama ito dahil hindi mahalaga ang tema.
 - C. Mali dahil mahalaga rin ang kalinawan ng tema sa epektibong tula.
 - D. Mali dahil bawal ang paggamit ng emosyon sa pagsulat ng isang tula.
19. Sa palihan, may dalawang mungkahi sa isang kuwento:
- A: “*Ayusin mo ang baybay.*”
- B: “*Maaaring mas palakasin ang emosyon sa eksena sa pamamagitan ng pagdaragdag ng sensory na detalye.*”
- Alin ang mas epektibong puna?
- A. A
 - B. B
 - C. A at B
 - D. Wala sa nabanggit
20. Isang mag-aaral ang nagsulat ng kuwento na may maganda ngunit magulong pagkakasunod-sunod ng pangyayari. Ano ang pinakamainam na pagtataya sa akda?
- A. Hindi na ito kailangang baguhin.
 - B. Dapat tanggalin ang lahat ng detalye.
 - C. Maganda na ito dahil mahalaga lang ang idea.
 - D. Kailangang ayusin ang estruktura upang mas maging malinaw ang daloy ng kuwento.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	12	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasagawa ng Rebisyon		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 1: **Ayos Ko, Pinal Ko!**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng aralin na ito, ikaw ay inaasahang mailalapat ang mga naisaayos na puna at mungkahi sa mabisang rebisyon ng unang borador.
- III. Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat
- IV. Panuto: Basahin ang unang borador tungkol sa pamilya. Suriin din ang kalakip na **Puna at Mungkahi** na ibinigay ng guro. Gamitin mo ito bilang gabay sa pagrebisa ng iyong sulatin.

Sa iyong pagrebisa, siguraduhin na:

Naisasaalang-alang at naisasagawa ang lahat ng nakasaad na puna at mungkahi natatanggal ang mga salitang hindi kailangan o paulit-ulit, napapalinaw ang bawat ideya sa talata, nagiging maayos at magkakaugnay ang daloy ng ideya mula simula hanggang wakas.

Pagkatapos, isulat ang iyong pinal na borador sa hiwalay na bahagi o papel.

Ayos Ko, Pinal Ko!

(Pagsusulat ng Pinal na Borador)

Unang Borador
(Tungkol sa Pamilya)

Ang aking pamilya ay masaya at kami ay laging nagsasama-sama at ako ay may tatay at nanay at may dalawang kapatid. Kami ay kumakain nang sabay-sabay tuwing gabi at kami ay nagkukuwentuhan tungkol sa aming araw. Ang aking pamilya ay mahal ko at kami ay nagtutulungan sa lahat ng bagay at kami ay masaya palagi.

PUNA

- Paulit-ulit ang paggamit ng “kami ay” at “at” sa mga pangungusap.
- Mahahaba at magkakapatong-patong ang mga ideya sa isang pangungusap.
- Hindi malinaw ang paghahati ng bawat ideya sa talata.
- May bahagi na masyadong inuulit ang parehong kaisipan tungkol sa pagiging masaya ng pamilya.



MUNGKAHI

- Bawasan o alisin ang paulit-ulit na salitang “kami ay” at “at”.
- Hatiin ang mahahabang pangungusap upang maging mas malinaw.
- Isa-isahin ang ideya (miyembro ng pamilya, gawain, damdamin).
- Ayusin ang pagkakasunod-sunod ng ideya para maging maayos ang daloy ng talata.
- Gawing mas simple at direkta ang pagpapahayag ng kaisipan.

GAWAIN: REBISYON NG BORADOR
Gamit ang mga Puna at Mungkahi, rebisahin ang talata.

Pinal na Borador:

Pangalan: _____
Pangkat/Antas: _____
Petsa: _____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	12	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasagawa ng Rebisyon		
Pangalan:		Baitang:	

- I.** Gawain Bilang 2: **Usapin ko, Tukuyin mo!**
- II.** Layunin: Sa pagtatapos ng aralin na ito, ikaw ay inaasahang masusuri ang mga puna at mungkahi ayon sa detalye o elemento, himig, gamit ng wika at iba pa mula sa palihan;
- III.** Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat
- IV.** Panuto: Basahin nang mabuti ang bawat pahayag na tumutukoy sa mga puna at mungkahi sa isang sulatin. Tukuyin kung saang kategorya ito nabibilang batay sa ibinigay na gabay. Isulat lamang ang tamang *code letter* ng iyong sagot sa patlang na nakalaan sa bawat bilang.

Gamitin ang sumusunod na gabay:

- T** – Tema, Estructura, at Daloy
- D** – Detalye o Elemento
- H** – Himig
- W** – Paggamit ng Wika
- I** – Iba Pang Usapin

Mga Pahayag:

1. Hindi malinaw ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa talata.
2. _____
Kulang pa ang detalye tungkol sa pangunahing paksa.
3. _____
Masyadong negatibo ang dating ng pagkakasulat.
4. _____
May ilang maling baybay at gramatika sa talata.
5. _____
May bahagi sa talata na hindi na kailangang isama.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	12	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasagawa ng Rebisyon		
Pangalan:		Baitang:	

- I.** Gawain Bilang 3: **Tagapagsiyasat ng Rebisyon: Hanapin ang Tamang Direksyon**
- II.** Layunin: Sa pagtatapos ng aralin na ito, ikaw ay inaasahang:
 - a. Naipaliliwanag ang pagkakaiba at pagkakatulad ng puna sa mungkahi.
 - b. Natutukoy ang pagkakaiba at pagkakatulad ng puna sa mungkahi.
 - c. Nasusuri ang mga puna at mungkahi ayon sa tema, estruktura, at daloy.
 - d. Nasusuri ang mga puna at mungkahi ayon sa detalye o elemento, himig, gamit ng wika at iba pa mula sa palihan.
 - e. Nailalapat ang mga naisaayos na puna at mungkahi sa mabisang rebisyon ng unang borador.
- III.** Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat
- IV.** Panuto: Ikaw ay isang “Tagapagsiyasat ng Rebisyon” na aayusin ang magulong borador upang matapos ang misyon. Basahin ang borador at ang mga puna at mungkahi. Pagkatapos:
 - Piliin ang tatlong (3) puna o mungkahi na sa tingin mo ay pinakamahalaga
 - *I-rewrite* ang talata gamit ang mga ito

Sundin ang format:

 - a. Piniling Puna/Mungkahi: _____
 - b. Bakit ito ang pinili: _____
 - c. Rebisyong Talata: _____

REBISYON QUEST: COMPASS CHALLENGE

Pangalan: _____ **Baitang/Seksyon:** _____ **Petsa:** _____

MISYON

Ikaw ay isang *Rebisyon Explorer*. Ang iyong tungkulin ay ayusin ang isang magulong borador sa pamamagitan ng pagtukoy, pag-uuri, at pagrebisa ng mga puna at mungkahi upang makabuo ng malinaw at maayos na teksto.

BAHAGI A: BORADOR

Si Ana ay isang masipag na mag-aaral na kilala sa kanilang klase dahil sa kanyang tiyaga at mabuting asal. Siya ay laging gumigising ng maaga upang maghanda para sa paaralan at mag-review ng kanyang mga aralin. Pagkatapos nito, tumutulong siya sa kanyang pamilya sa mga gawaing bahay tulad ng pagwawalis, paghuhugas ng pinggan, at pag-aalaga sa kanyang nakababatang kapatid.

Minsan, nahihirapan siyang magpokus sa pag-aaral dahil sa ingay sa kanilang paligid at sa dami ng kanyang ginagawa sa bahay. Kahit ganito ang sitwasyon, hindi siya sumusuko at patuloy pa rin siyang nagsusumikap. May pangarap si Ana na maging isang guro sa hinaharap upang matulungan niya ang mga batang katulad niya na nais ding matuto at umunlad. Naniniwala siya na sa pamamagitan ng sipag at tiyaga, maaabot niya ang kanyang mga pangarap at makakatulong siya sa kanyang pamilya at sa lipunan.

BAHAGI B: REBISYON CLUES (Puna at Mungkahi)

1. Linawin pa ang daloy ng mga pangyayari sa talata.
2. May ilang bahagi na maaaring paikliin.
3. Dagdagan pa ang detalye ng pangarap ni Ana.
4. Ayusin ang ilang paulit-ulit na ideya.
5. Pagandahin ang gamit ng wika upang maging mas malinaw.
6. Maaaring gawing mas maayos ang simula at wakas ng talata.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	12	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasagawa ng Rebisyon		
Pangalan:		Baitang:	

- I.** Gawain Bilang 4: **Tukuyin ang Usapin!**
- II.** Layunin: Sa pagtatapos ng aralin na ito, ikaw ay inaasahang:
 - a. Nasusuri ang mga puna at mungkahi ayon sa tema, estruktura, at daloy.
 - b. Nasusuri ang mga puna at mungkahi ayon sa detalye o elemento, himig, gamit ng wika at iba pa mula sa palihan.
- III.** Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat
- IV.** Panuto: Tukuyin kung anong usapin ng rebisyon ang tinutukoy ng bawat puna o mungkahi.

- _____ 1. Hindi malinaw ang pagkakasunod-sunod ng ideya sa talata.
- _____ 2. May mga salitang paulit-ulit at hindi na kailangan.
- _____ 3. Masyadong mahina ang tono ng pagsulat.
- _____ 4. Kulang sa detalye ang paglalarawan ng paksa.
- _____ 5. Hindi maganda ang pagkakabuo ng mga pangungusap.
- _____ 6. Hindi tugma ang damdamin ng teksto sa layunin nito.
- _____ 7. May bahagi na hindi malinaw at nakakalito basahin.
- _____ 8. Kulang ang lohikal na pagkakaugnay ng mga ideya.
- _____ 9. May maling gamit ng salita sa ilang bahagi.
- _____ 10. Hindi buo ang ideya kaya mahirap maintindihan ang mensahe.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	12	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasagawa ng Rebisyon		
Pangalan:		Baitang:	

- I.** Gawain Bilang 5: **Sang-ayon o Di Sang-ayon**
- II.** Layunin: Sa pagtatapos ng aralin na ito, ikaw ay inaasahang:
 - a. Nasusuri ang mga puna at mungkahi ayon sa tema, estruktura, at daloy.
 - b. Nasusuri ang mga puna at mungkahi ayon sa detalye o elemento, himig, gamit ng wika at iba pa mula sa palihan.
- III.** Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat
- IV.** Panuto: Basahin ang bawat pahayag at isulat kung ito ay Sang-ayon o Di-sang-ayon.
 1. Sa pagrerebisa ng sulatin, kailangan munang suriin ang unang burador.

 2. Kung may hindi malinaw na ideya sa talata, hindi ko na ito kailangang baguhin. _____
 3. Kung may paulit-ulit na salita sa aking sulatin, dapat ko itong alisin o ayusin.

 4. Kung ako ay magbibigay ng mungkahi, dapat ito ay nakakatulong sa pagpapabuti ng sulatin. _____
 5. Hindi na mahalaga ang tamang pagkakasunod-sunod ng ideya basta maganda ang salita. _____
 6. Mahalaga ang pagtingin sa detalye upang mas maging malinaw ang mensahe ng sulatin. _____
 7. Kung mahina ang daloy ng ideya, hindi na ito kailangang ayusin. _____
 8. Ang rebisyon ay tumutulong upang maging mas malinaw at maayos ang sulatin. _____
 9. Ang pagtanggap ng hindi kailangang bahagi ay bahagi ng proseso ng rebisyon.

 10. Hindi na kailangan ang rebisyon kung natapos na ang unang sulat. _____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	12	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsasagawa ng Rebisyon		
Pangalan:		Baitang:	

- I.** Gawain Bilang 6: **Piliin ang nararapat!**
- II.** Layunin: Sa pagtatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang masasagot ang mga katanungan nang maayos at tama.
- III.** Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat
- IV.** Panuto: Basahin at unawain ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot mula sa apat na pagpipilian. Isulat ang iyong sagot sa patlang o sagutang papel.

1. Ano ang unang hakbang sa pagpoproseso ng mga puna at mungkahi?
 - A. Pagsusuri ng himig
 - B. Pagkaltas ng bahagi ng teksto
 - C. Pagsusulat ng pinal na borador
 - D. Pagsasama-sama ng magkakatulad na puna
2. Ano ang layunin ng pagsasama-sama ng magkakatulad na puna?
 - A. Para baguhin ang paksa
 - B. Para maiwasan ang rebisyon
 - C. Para gawing mas mahaba ang sulatin
 - D. Para mas madaling ayusin ang ideya
3. Sa anong usapin kabilang ang tema at estruktura?
 - A. Himig
 - B. Wika
 - C. Detalye
 - D. Malawakang usapin
4. Alin ang halimbawa ng usapin ng detalye o elemento?
 - A. Daloy ng ideya
 - B. Kabuuang tema
 - C. Pagkakasunod-sunod ng talata
 - D. Pagkakabuo ng tauhan o pangyayari
5. Ano ang tinutukoy ng “himig” sa pagsulat?
 - A. Sukat ng talata
 - B. Gamit ng bantas
 - C. Bilang ng salita
 - D. Damdamin o tono ng teksto
6. Alin ang kabilang sa usapin sa paggamit ng wika?
 - A. Tema
 - B. Estruktura
 - C. Daloy ng ideya
 - D. Gramatika at baybay
7. Ano ang layunin ng pag-uuri ng mga puna at mungkahi?
 - A. Para baguhin ang paksa
 - B. Para mapahaba ang sulatin
 - C. Para tanggalin lahat ng ideya
 - D. Para mas madaling rebisahin ang teksto

8. Ano ang ibig sabihin ng “malawakang usapin”?
 - A. Pamagat lamang
 - B. Bantas lamang
 - C. Maliit na detalye lamang
 - D. Kabuuang organisasyon ng teksto
9. Ano ang ginagawa sa huling bahagi ng proseso ng rebisyon?
 - A. Pag-uuri ng ideya
 - B. Pagsasama-sama ng puna
 - C. Pagbibigay ng mungkahi
 - D. Pagsusulat ng pinal na borador
10. Bakit mahalaga ang pag-kaltas ng hindi kailangang bahagi?
 - A. Para humaba ang teksto
 - B. Para madagdagan ang salita
 - C. Para magbago ang paksa
 - D. Para maging malinaw at direkta ang sulatin
11. Ano ang dapat tiyakin sa pinal na borador?
 - A. Walang paksa
 - B. Walang simula
 - C. Maraming ulit na ulit na ideya
 - D. Malinaw ang daloy mula simula hanggang wakas
12. Alin ang halimbawa ng maayos na daloy ng ideya?
 - A. Magkakalat ang talata
 - B. Puro ulit-ulit na salita
 - C. Sunod-sunod at magkakaugnay ang ideya
 - D. Walang koneksyon ang mga pangungusap
13. Ano ang unang dapat gawin sa pagrebisa?
 - A. Palitan ang paksa
 - B. Tanggalin lahat ng talata
 - C. Isulat ang pinal na bersyon
 - D. Iuri ang mga puna at mungkahi
14. Ano ang kahalagahan ng rebisyon sa pagsulat?
 - A. Para mawala ang ideya
 - B. Para mapahaba ang sulatin
 - C. Para maging magulo ang sulatin
 - D. Para mapaganda at mapalinaw ang teksto
15. Alin ang hindi kabilang sa proseso ng rebisyon?
 - A. Pag-uuri ng puna
 - B. Pagrebisa ng teksto
 - C. Pagsusulat ng unang draft
 - D. Pagkaltas ng hindi kailangan

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	13	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsulat ng Pinal na Bersiyon ng Malikhaing Akda (Tula o Maikling Kuwento)		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 1: **Suri, Iugnay, at Pahusayin ang Tula!**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng aralin na ito, ikaw ay inaasahang:
 - a. Nasuri ang sariling tula batay sa mga elemento at pamantayan sa pagsulat ng tula tulad ng taludtod at anyo, sukat, persona o tinig, himig, imahen, at tayutay.
 - b. Natuutukoy ang kalakasan at kahinaan ng sariling akda sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gabay na tanong tungkol sa nilalaman at estilo ng tula.
 - c. Naibibigay ng mga mungkahi o hakbang upang higit pang mapabuti ang sariling tula gamit ang wastong pamantayan sa pagsulat.
- III. Kagamitang Kailangan: Kopya ng naunang isinulat na tula, Papel o activity sheet para sa pagsusuri, Panulat o lapis, Talahanayan ng mga elemento ng tula, Rubrik o pamantayan sa pagsulat ng tula, Sanggunian o tala tungkol sa mga elemento at uri ng tula (tradisyonal, moderno, at postmoderno)
- IV. Panuto: Basahin ang iyong naunang isinulat na tula (maaaring tradisyonal, modernong tula, o postmoderno). Gamitin ang iyong dating kaalaman sa pamantayan sa pagsulat ng tula upang suriin ang iyong akda. Isaalang-alang ang sumusunod:

Elemento ng Tula	Pagsusuri
Taludtod at anyo	
Sukat	
Persona o tinig	
Himig	
Imahen	
Tayutay	

Gabay na Tanong:

1. Aling bahagi ng aking tula ang pinakamalakas? Bakit?


2. Aling bahagi ang kailangang paunlarin? Bakit?

3. Anong pamantayan ang hindi ko pa gaanong nagamit?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	13	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsulat ng Pinal na Bersiyon ng Malikhaing Akda (Tula o Maikling Kuwento)		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 2: **Bintana ng Manunulat: Ang Paglalakbay ng Akda**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng aralin na ito, ikaw ay inaasahang:
 1. Nailalarawan ang naging proseso ng pagbuo at pagsasapinal ng sariling tula o maikling kuwento mula sa unang ideya hanggang sa huling rebisyon.
 2. Nakapagbibigay ng pangkabuoang puna at mungkahi kaugnay sa nilalaman, estilo, at pagkakabuo ng sariling akda.
 3. Naipaliwanag kung paano isinakatuparan ang mga pagbabago at pagpapabuti sa akda batay sa natanggap na puna, mungkahi, at sariling pagninilay.
- III. Kagamitang Kailangan: Kopya ng sariling tula o maikling kuwento, *Activity sheet o graphic organizer* na hugis bintana, Papel o kuwaderno, Rubrik o pamantayan sa pagsulat ng tula at maikling kuwento
- IV. Panuto: Isipin mong ang iyong tula o maikling kuwento ay isang manlalakbay na dumaan sa iba't ibang yugto ng pagbuo mula sa unang bugso ng ideya hanggang sa huling pagsasapinal nito. Gamit ang bintana isulat ang mga pangkabuoang puna, mungkahi at paano mo ito naisakatuparan:



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	13	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsulat ng Pinal na Bersiyon ng Malikhaing Akda (Tula o Maikling Kuwento)		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 3: **Gallery ng mga Salita: Ipakitang-Tula**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng aralin na ito, ikaw ay inaasahang:
 - a. Nasusuri ang sariling tula sa pamamagitan ng pagtukoy at pagpapaliwanag sa mga elemento nito gamit ang “exhibit card.”
 - b. Nakapagpapahayag ng pagpapahalaga at pagmamalaki sa sariling akda sa pamamagitan ng pagbibigay ng paliwanag tungkol sa pinakamahalagang bahagi ng tula.
 - c. Nakapagpapakita ng pagkamalikhain sa pagbuo at presentasyon ng isang “art gallery” na naglalaman ng mga elemento at kahulugan ng sariling tula.
- III. Kagamitang Kailangan: Kopya ng sariling tula , “Exhibit Card” o template para sa pagsusuri ng bawat elemento ng tula, Papel o cartolina para sa gallery output, Panulat, lapis, at pangkulay , Rubrik o pamantayan sa pagsusuri ng tula
- IV. Panuto: Isipin na ang iyong tula ay ilalagay sa isang “art gallery” kung saan bawat elemento nito ay may “label” na paliwanag. Basahin muli ang iyong tula at punan ang mga sumusunod na “exhibit card”:

Taludtod at Anyo: Ano ang anyo ng aking tula at bakit ito angkop?	Sukat o Daloy: Paano dumadaloy ang ritmo o estruktura ng aking tula?
Persona o Tinig: Sino ang nagsasalita sa tula at ano ang kanyang damdamin?	Himig: Ano ang emosyon o pakiramdam na nangingibabaw?
Imahen: Anong mga larawang-diwa ang makikita sa tula?	Tayutay (pagtutulad at pagwawangis): Paano nakatulong ang tayutay sa pagpapalalim ng kahulugan?

Gabay na Tanong:

“Kung ipapakita ko ang aking tula sa isang gallery, ano ang pinakaipagmamalaki ko at bakit?” Paliwanag:

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	13	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsulat ng Pinal na Bersiyon ng Malikhaing Akda (Tula o Maikling Kuwento)		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 4: **“Pasilidad ng Salaysay: Misyong ng Rebisyon”**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng aralin na ito, ikaw ay inaasahang:
 - a. Nasusuri ang sariling maikling kuwento batay sa mahahalagang elemento nito tulad ng tauhan, tagpuan, banghay, punto de bista, at tayutay.
 - b. Natutukoy ang mga bahaging nangangailangan ng paglinang, pagbabago, o pagdaragdag sa pamamagitan ng pagsasagawa ng “Mission Revision Control Panel.”
 - c. Naipaliliwanag ang pinakamahalagang rebisyon o “upgrade” na isinagawa sa kuwento at kung paano ito nakatulong sa pagpapabuti ng akda.
- III. Kailangan: Kopya ng sariling maikling kuwento, “Mission Revision Control Panel” activity sheet, Papel o kuwaderno, Panulat o lapis, Rubrik o pamantayan sa pagsulat ng maikling kuwento
- IV. Panuto: Ikaw ay isang “story engineer” sa isang espesyal na pasilidad kung saan ang mga maikling kuwento ay dumadaan sa final calibration bago ito ilabas sa publiko. Bawat kuwento ay kailangang dumaan sa “control panel” ng mga pamantayan upang matiyak na ito ay ganap, malinaw, at handa na.
 1. Balikan ang iyong **maikling kuwento**.
 2. Isagawa ang “Mission Revision Control Panel” sa pamamagitan ng paglalagay ng status sa bawat elemento:
 3. Para sa bawat , isulat ang “Repair Action” (ano ang iyong babaguhin o dadagdagan).

Elemento	✓ Kompleto ba?	⚠ Kailangan pa ng paglinang, babaguhin o dadagdagan?
Tauhan (Bida at Kontrabida)		
Tagpuan		
Banghay		
Punto de Bista		
Tayutay (pagtutulad at pagwawangis)		

4. Sagutin ang tanong:

“Ano ang pinakamahalagang upgrade na ginawa ko sa aking kuwento at bakit?”

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	13	Petsa:	
Nilalaman:	Pagsulat ng Pinal na Bersiyon ng Malikhaing Akda (Tula o Maikling Kuwento)		
Pangalan:		Baitang:	

- I. Gawain Bilang 5: **“Selyo ng Makata: Huling Beripikasyon”**
- II. Layunin: Sa pagtatapos ng aralin na ito, ikaw ay inaasahang:
 - a. Nasusuri ang sariling tula batay sa mga pamantayan ng mahusay na pagsulat tulad ng taludtod, sukat, persona, himig, imahen, at tayutay gamit ang “Selyo ng Makata *Checklist*.”
 - b. Nakapagbibigay ng malinaw na patunay o paliwanag sa bawat natamong pamantayan sa kanilang tula upang maipakita ang kalidad ng kanilang akda.
 - c. Nakapagsasagawa ng huling rebisyon o “final editing” ng tula upang mapahusay pa ito bago ang pinal na pagsumite sa “Pambansang Paligsahan ng mga Makata.”
- III. Kailangan: Pinal na kopya ng sariling tula, “Selyo ng Makata *Checklist*” (*evaluation sheet*), Papel o kuwaderno para sa “Huling Pag-aayos”, Panulat o lapis, Rubrik sa pagsulat ng tula
- IV. Panuto: Isipin mong ang iyong tula ay isusumite na sa isang “Pambansang Paligsahan ng mga Makata.” Bago ito tanggapin, kailangan itong dumaan sa Huling Beripikasyon Panel, kung saan tinitiyak kung handa na ang iyong akda batay sa pamantayan ng mahusay na tula.
 1. Ihanda ang iyong pinal na tula.
 2. Suriin ang iyong akda gamit ang “Selyo ng Makata *Checklist*”:
 - ☐ Taludtod at anyo ay maayos at angkop
 - ☐ Sukat o daloy ay konsistent o malikhaing
 - ☐ Malinaw ang persona o tinig
 - ☐ Angkop at tumatagos ang himig
 - ☐ Mayamang paggamit ng imahen
 - ☐ Mabisang paggamit ng tayutay
 3. Sa bawat tsek (✓), sumulat ng isang maikling patunay kung paano ito naipakita sa iyong tula.
 4. Kung may hindi pa natugunan, isulat ang “Huling Pag-aayos” (rebisyon na gagawin).
 5. Isulat ang pinal na bersyon ng tula pagkatapos ng iyong pagtataya.

Gabay na Tanong:

1. Ano ang pinakamahalagang pag-aayos na ginawa ko sa aking tula?

2. Aling pamantayan ang naging pinakamahirap matugunan? Bakit?

3. Paano nakatulong ang *checklist* sa pagpapahusay ng aking akda?
